

**ANTAS NG PAGKATUTO SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA
IKATLONG BAITANG SA PUROK NG CATBALOGAN II**

Isang Tesis
Iniharap sa
Kaguruan ng Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral
Samar State University
Lungsod ng Catbalogan

Bilang bahagi
ng mga Gawaing Itinakda para sa Digring
Master sa Sining
Medyor sa Filipino

AILEEN P. CUPIDO
Marso, 2012

DAHONG PAGPAPATIBAY


Ang tesis na ito na pinamagatang, "ANTAS NG PAGKATUTO SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA IKATLONG BAITANG SA PUROK NG CATBALOGAN II", na inihanda at iniharap ni AILEEN P. CUPIDO na pumasa sa komprehensibong pagsusulit ay inirekomenda para sa isang pagsusulit na pabigkas.



SUZETTE L. CORDUWA, M.A.
Tagapayo

Pinagtibay ng Lupon ng Pagsusulit na Pabigkas noong Marso 09, 2012 na may gradong PASADO.


MARILYN D. CARDOSO, Ph. D.
Dekano, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral, SSU
Tagapangulo


JOSE S. LABRO, Ph.D.
Bise Presidente para sa Administrasyon, SSU
Kagawad


FELICITAS R. LABENDIA
Kawaksing Profesor I, SSU
Kagawad


MELISSA N. MABANGUE
EPS (Filipino) Designate, DepEd Samar
Kagawad

Tinanggap bilang katuparan para sa pagtatamo ng digring **MASTER SA SINING** medyor sa Filipino.

Marso 09, 2012
Petsa: Pagsusulit na Pabigkas


VICTORIA M. TAFALLA, Ph.D.
Dekano, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral, SSU

PAGKILALA

Sa di-matatawarang pagkilala at walang hangganang pasasalamat sa lahat ng nakibahagi, sumuporta at naglaan ng panahon upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito.

Kay Professor Suzette L. Corduwa ng Samar State University, Lungsod ng Catbalogan, kanyang tagapayo, na nagsilbing gabay at patnubay sa pakikibahagi ng kanyang panahon at kabatiran.

Sa Lupon ng Pagsusulit na pabigkas; Dr. Marilyn O. Cardoso, Dekano bilang tagapangulo at mga kasapi sina Dr. Jose S. Labro, Professor, Felicitas R. Labendia at Gng. Melissa N. Mabangue na nagbigay ng mga puna at suhestiyon para mapahusay ang pag-aaral na ito;


Sa pangasiwaan ng Purok ng Catbalogan II sa pamumuno ni G. Fernando Ocenar, Tagamasid ng Purok; Dr. Adelfa Z. Mendoza, Punong Guro ng Bunuanan at mga Kaguruan ng ikatlong baitang at mga Mag-aaral na kasangkot sa pag-aaral na ito, lubos na pinasasalamatan;

Sa butihing kabiya, Celso A. Cupido, sa moral at pinansyal na pagtulong; at higit sa lahat;

Ang Dakilang Panginoon na nagsilbing gabay sa pagbibigay ng lakas at talino upang matupad ang lahat ng ito.

Sa mga taong di-nabanggit dito lubos din pinahahalagahan at pinasasalamatan.

A.P.C.



HANDOG

Tanging handog ang gawang ito
sa mga hiyas ng tahanan:

Aicelle at Lucky Andrey Niño;

Kabiyak sa puso ko,

Celso;

Sa aking mga magulang, kapatid
at kamag-anak taos puso kong
handog ang tagumpay na ito.

Aileen

ABSTRAK

Tinangka sa pag-aral na ito ang tayain ang antas nang pagkatuto sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang sa Purok ng Catbalogan II sa Taong panuruan 2010-2011. Ang disenyong ginamit sa pag-aaral na ito ay isang palarawang korelasyunal na pananaliksik (descriptive correlational research). Kung saan inilalarawan ang kasalukuyang kalagayan ng mga kalahok at paggamit ng batayang kasanayang pangwika para sa pagtataya ng mga baryabol ng pag-aaral. Ang mga implikasyon ng pag-aaral na ito ay marami. Ang Filipino bilang subjek pangwika ay maitatag pansarili ng mga mag-aaral na imperatibo ang lubosang pagkatuto para sa kagyat na kahusayan sa pakikipagtalastasan. Sa maagang edad ng mga mag-aaral nararapat lubusan itong natutunan ang lahat ng kasanayan pangwika: pangkasanayan man o pangnilalaman. Sa antas ng pinag-aaralan, hanapbuhay, kita ng pamilya, laki ng pamilya at relihiyon, ang mga ito ay makaapekto o impluwensya sa mga mag-aaral bagkus hindi ang mga ito natitinag ang sarili ang patuloy na paggamit ng kabatiran sa alinmang larangan. Ang mga implikasyon ng pag-aaral na ito ay marami. Ang Filipino bilang subjek pangwika ay maitatag pansarili ng mga mag-aaral na imperatibo ang lubosang pagkatuto para sa kagyat na kahusayan sa pakikipagtalastasan. Sa maagang edad ng mga mag-aaral nararapat lubusang itong natutunan ang lahat ng kasanayan pangwika: pangkasanayan man o pangnilalaman. Sa antas ng pinag-aaralan, hanapbuhay, kita ng pamilya, laki ng pamilya at relihiyon, ang mga ito ay makaapekto o impluwensya sa mga mag-aaral bagkus di ang mga ito natitinag ang sarili ang pagtuloy ng pagkamit ng kabatiran sa alin mang larangan.

TALAAN NG NILALAMAN

	Pahina
DAHONG PAMAGAT	i
DAHONG PAGPAPATIBAY	ii
PAGKILALA	iii
PAGHAHANDOG	iv
ABSTRAK	v
TALAAN NG NILALAMAN	vi

Kabanata

1	ANG SULIRANIN AT ANG SANLIGAN NITO	1
	Panimula	1
	Paglalahad ng Suliranin	4
	Ipotesis	6
	Batayang Teyoretikal	7
	Batayang Konseptwal	10
	Kahalagahan ng Pag-aaral	12
	Saklaw at Delimitasyon	13
	Katuturan ng mga Talakay	15
2	PAGSUSURI NG KAUGNAY NA MGA LITERATURA AT PAG-AARAL	18
	Kaugnay na mga Literatura	18
	Kaugnay na mga Pag-aaral	23
3	METODOLOHIYA	34
	Disenyo ng Pananaliksik	34
	Instrumentasyon	35

	Validasyon ng Instrumento	35
	Pagkuha ng Sampol	36
	Paglikom ng mga Datos	36
	Paglalatap Istadistika ng mga Datos	37
4	PRESENTASYON, ANALISIS AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS	39
	Katangian ng mga Mag-aaral na Kalahok sa Ikatlong Baitang	39
	Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan ng mga Mag-aaral na Kalahok	49
	Kaugnayan ng Antas sa Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at mga Baryet ng mga Mag-aaral na Kalahok	51
	Antas ng Pagkatuto sa Ikalawang Markahan sa Filipino, English at Makabayan ng mga Mag-aaral na Kalahok	69
	Kaugnayan sa Antas ng Pagkatuto sa Apat na Makrong Kasanayan at mga Gradong Natamo sa Ikalawang Markahan Filipino, English at Makabayan	72
	Mga Implikasyon sa mga Kinalabasan	76
5	LAGOM NG MGA KINALABASAN, KONKLUSYON AT MGA REKOMENDASYON	78
	Lagom ng mga kinalabasan	78
	Mga konklusyon	82
	Mga Rekomendasyon	87
	TALASANGUNIAN	84
	APPENDISES	89

KURIKULUM VITA	102
TALAAN NG TALAHANAYAN	106
TALAAN NG FIGURA	110

Kabanata 1

ANG SULIRANIN AT SANLIGAN NITO

Panimula

Ang proseso ng edukasyon ay nakatuon sa tatlong bagay: ang mag-aaral o tagapagkatuto, tunguhin ng edukasyon at ang lipunan na kinabibilangan ng tao. Panguna dito ang tagapagkatuto na dapat maunawaan ang kanyang biyolohikal at sikolohikal na pangangailangan: ang kanyang batayang kailangan tulad ng kakayahan, interes o kawilihan at ang pagkilala sa kanya, bilang indibidwal na may kaibhan sa iba. Ang kabatiran sa katayuan ng bawat mag-aaral ay mahalagang kasama na dito ang kanyang kalinangan at pag-unlad (Kapunan, 1992:37).

Ang pangunahing tunguhin naman ng edukasyon ay isinaalang-alang para sa kanyang matinong pagkatao upang lumaki siyang masunurin sa batas na isang tunay sa mamamayang Pilipino sa isip sa salita at sa gawa. Dagdag pa ang lipunan sa kanyang ginagalawan ay mahalaga rin sa kanyang pagkatuto upang maging katanggap-tanggap siyang tao na magiging mahalaga sa lipunan na kanyang ginagalawan.

Ang edukasyon bilang adbokasya ng pamahalaan, Saligang Batas (1987) ay naglalaan ng malalaking pundo para sa mga kabataan na nasa pampaaralang gulang para sa ikapagtatamo ng pagunahing tunguhin ng isang bansang nakikipagtagisan sa pandaigdigan sa larangan ng edukasyon. Hangad ng isang

bansa ang isang “*world class*” na edukasyon kung saan hindi pahuhuli sa mga bansang Asyano sa naturang larangan.

Sa pagdaraan ng panahon, maraming edukador tulad ng pagbabago ng kurikulum subalit hindi pa rin natamo ang hangaring makamit ang mataas na kalidad ng edukasyon. Kaugnay sa pinag-utos ay ang “*access*” sa edukasyon na bawat mamamayang Pilipino na nararapat na nakapasok ng paaralan upang makamit ang batayang edukasyon ang walang bayad na edukasyon mula elementarya hanggang sekondarya (Saligang Batas, 1987).

Batay sa mga kautusang legal, ang kagawaran ng edukasyon (DepEd) ay nagtatag ng mga palisiya, patakaran at mga panuntunan kaalinsabay ang mga instruksiyunal na mga layunin upang tugunan ang mga pinag-uutos ng pamahalaan. Naging tugon nito ang 2002 “*Basic Education Curriculum*” na kung saan nilimita ang bilang ng mga batayang asignatura sa lima: Filipino, English, Agham, Matematika at Makabayan; at itong huli ay nababahagi sa: Araling Panlipunan, Edukasyong Panggawain, Musika, Sining at Edukasyon sa Pangkalusugan.

Samakatwid sa, (*Handbook: 2002*), mithiin nitong magamit ang Filipino sa mabisang pakikipagtalastasan (pasalita at pasulat); nagpapamalas ng kahusayan sa pagsasaayos ng iba’t ibang impormasyon at mensahing naririnig at nababasa para sa kapaki-pakinabang pansarili at pangkapwa at sa patuloy na pagkatuto upang maiangkop para sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig.

Ayon kay Badayos (1999:78), ang pagkatuto ng isang bata ay nangangailangan ng isang mabisang proseso upang matuto sa sining ng pakikipagtalastasan na umiikot sa makrong kasanayang pangwika: pakikinig, pagbabasa, pagsasalita, at pagsusulat. Ang pakikinig na isang prosesong gawain ay tungkol sa kasanayang diskriminasyon pandinig at kognitibong kumprehensyon. Ang pagsasalita at ang paggamit ng mga ekspresyong pangwika at wastong istrukturang gramatikal sa pasalitang komunikasyon. Ang pagbabasa ay ang pagkuha ng kahulugan mula sa nakaimprintang mga simbolo at pag-uugnay nito. Kasama rin dito ang mga kasanayan para sa bokabolaryong pangkalinangan, antas ng kumprehensyon tulad: literal, interpretatib, kritikal na analisis at aplikasyon at paglikha, pagpapahalagang panliteratura at kasanayan ng pag-aaral. Ang pagsusulat ay sumasaklaw sa mga kahandaang kasanayan tungkol sa mekaniks, o sangkap ng pagsulat, pinatnubayang pagsulat, gamitin at malikhaing pagsulat.

Kinagawian sa mga paaralan ng purok ang mangasiwa ng taunang pagsusulit sa mga batayang subjek sa bawat baitang. Tinataya rito ang perormans ng mga paaralan batay sa mga mag-aaral ng baitang. Sa ikatlong baitang, ang subjek na Filipino ay nakakuha ng mga *"mean percentage score"* (MPS) na 72.35 bahagdan, 68.70 bahagdan at 69.85 bahagdan sa mga taong panuruan 2007-2008, 2008-2009 at 2009-2010 ayon sa pagkasunod-sunod. Ito ay may *average* na 70.3 na mas mababa ng 4.7 sa kahusayang lebel sa 75 bahagdan na itinalaga ng DepEd.

Samakatwid ito ang naghihikayat sa mananaliksik sa pagsagawa ng pag-aaral na ito.

Paglalahad ng Suliranin

Tinangka sa pag-aral na ito ang tayain ang antas nang pagkatuto sa Filipino ng mga mag-aral sa ikatlong baitang sa Purok ng Catbalogan II sa Taong panuruan 2010 - 2011.

Sa katiyakan, sinagot ang sumusunod na mga katanungan;

1. Ano ang katangian ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang ayon sa:
 - 1.1 edad;
 - 1.2 kasarian;
 - 1.3 ayos ng kapanganakan;
 - 1.4 antas ng pinag-aralan ng magulang;
 - 1.5 hanapbuhay ng mga magulang;
 - 1.6 buwanang tamtamang kita ng pamilya;
 - 1.7 laki ng pamilya, at
 - 1.8 relihiyon?
2. Ano ang antas ng pagkatuto sa Filipino ng mga mag-aaral ayon sa makrong kasanayan:
 - 2.1 pakikinig;
 - 2.2 pagsasalita;
 - 2.3 pagbabasa, at

2.4 pagsusulat?

3. Mayroon bang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang sa apat na makrong kasanayan at katangian ayon sa mga sumusunod:

- 3.1 edad;
- 3.2 kasarian;
- 3.3 ayos ng kapanganakan;
- 3.4 antas ng pinag-aralan ng mga magulang;
- 3.5 hanapbuhay ng mga magulang;
- 3.6 buwanang tamtamang kita ng pamilya;
- 3.7 laki ng pamilya, at
- 3.8 relihiyon?

4. Ano ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa ikalawang markahan sa sabjek:

- 4.1 Filipino;
- 4.2 English, at
- 4.3 Makabayan?

5. Mayroon bang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa apat na makrong kasanayan at ang mga gradong natamo sa ikalawang markahan ng mga mag-aaral na kalahok sa:

- 5.1 Filipino;
- 5.2 English, at

5.3 Makabayan?

6. Ano-ano ang mga implikasyon sa kinalabasan ng pag-aaral sa ito?

Ipotesis

Batay sa inilahad na mga suliranin, sinubok ang mga ipotesis na ito:

1. Walang mahalagang kaugnayan ang antas ng kakayahan sa pagkatuto sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang sa apat na makrong kasanayan: pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat at ang sumusunod na mga baryet:

- 1.1 edad;
- 1.2 kasarian;
- 1.3 ayos ng kapanganakan;
- 1.4 antas ng pinag-aralan ng magulang;
- 1.5 hanapbuhay ng mga magulang;
- 1.6 buwanang tamtamang kita ng pamilya;
- 1.7 laki ng pamilya, "
- 1.7.1 relihiyon.

2. Walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa apat na makrong kasanayan: pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, pagsusulat at ang mga gradong natamo sa ikalawang markahan sa mga subjek:

- 2.1 Filipino;
- 2.2 English, at

2.3 Makabayan.

Batayang Teyoretikal

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa proseso ng pagkatuto ayon kay Calderon (1998:42). Ang likas ng pagkatuto ay ang pagkamit sa pamamagitan ng materyalisasyon; kasanayan ng tao at maraming kabatiran. Ang kasanayan at saloobin na, ang isang mag-aaral ay nauugnay sa pagbabago upang magkaroon ng kaakibat na reaksiyon. Ang pagtugon at paglalapat nito ay iniuugnay sa bagong sitwasyon o kalagayan.

Ang mga tipo, uri at resulta ng pagkatuto ay ang sumusunod: kognitibong pagkatuto na isang tipo ng akwisisyon ng karunungan, mga patotoo at impormasyon, simulain, ideya, konsepto, pag-unawa at pangatwiran atbp. Pumapailalim dito ang asosyatib na pagkatuto at problemang paglutas ng pagkatuto. Ang unang nabanggit ay isang pagtatag ng kaugnayan sa pagitan ng mga salita o mga ideya at mga bagay na tumutukoy sa pagitan ng mga simulain at mga sitwasyon o kalagayan na inilalapat dito. Ang huli ay isang proseso sa paglutas ng isang suliraning may kahirapan na nakasasagabal para sa pagtamo ng isang tunguhin (*goal*) sa pamamagitan ng kabatiran at kasanayang natamo mula pag-uugnay ng pagkatuto at iba pang tipo ng pagkatuto.

Ang isa pang tipo ng pagkatuto ay ang atitudinal o epektibong pagkatuto. Ito ay isang akwisisyon o paglinang ng isang halaga tulad ng moral, ispiritwal at iba pang katangian personal. Nasa ilalim nito ang estetikong pagkatuto na

tungkol sa pagpapahalagang kagandahan at intelektwal na pagkatuto na naglililang sa pamamagitan ng pagbasa ng mga klasikal na literaturang teksto tulad ng Bibliya para sa mga Kristiyano at ang Koran para sa mga Muslim.

Ang pangatlong tipo ng pagkatuto ay ang sikomotor na pagkatuto. Sumasangkot ito sa paggamit ng iba't ibang bahagi ng katawan sa pagkilos. Mayroong dalawang uri ng tipong pagkilos: ang koordinasyon ng katawan at ang paggamit ng mga kamay at paa.

Maraming teorya ng pagkatuto ang nasasaklawan ng pag-aaral na ito. Sa pagbanggit ng ilan: "*trial and error*" o subok at pagkakamali. Nandiyan ang pag-uunay ng "*stimulus-response theory*" o tinatawag ng *S-R Bond*. Ilang mga detalye kaugnay nito ay ang kay "*Thorndike's Connectionism Theory*" na nakapaloob ang kay Thorndike sa batas ng pagkatuto (*laws of learning*) tulad ng batas ng kahandaan, batas ng pagsasanay at batas ng epekto o bisa.

Dagdag pa, nariyan ang mga teoryang pangkondisyon nina Pavlov at Skinner: Atkinson, et al., (1975:119); ang klasikal na kondisyoning na teorya, na ipinakita sa isang eksperimento ni Pavlov, tungkol sa pagpakita ng pagkain sa aso at ang teoryang operant na kondisyoning ni Skinner. Ito ay isang eksperimento ng isang daga na nilagyan ng pagkain na sa pamamagitan ng pagpindot sa isang buton bilang hudyat para pumunta ang daga sa pagkain.

Gayunpaman, pinakalagom nina Atkinson, et al. (1975:28) ang pananaw ng pagkamit ng wika na nagpakita ng tungkulin ng pagkatuto ay nakikilala rin ito ng mga behebyorista kaagapay ng "*stimulus response*" o S-R sa pangunguna ni

Skinner. Napatotohanan na kung may ipinakitang pagtuturo; magbubunga ng pagtugon o pagkatuto. Sinuportahan ito ni Pavlov sa kanyang teoryang pangkondisyon na kung saan natututo ang isang hayop sa pamamagitan ng pagbibigay ng kalagayan o kondisyon na pagdulog na sikolohikal. Naipapamalas ang paglinang ng mga tuntunin sa likas na kakayahan na malapit sa kognitibong aspito (Atkinson, et al., 1975:281).

Batayang Konseptwal

Ang Figura 1 ay ang batayang konseptwal ng pag-aaral. Makikita mula sa paanan ng unang kahon ng iskema, ang purok ng Catbalogan II, Sangay ng Samar bilang kaligiran ng pag-aaral. Paitaas, sa direksyon ng palaso ay isang kahong naglalaman ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang bilang kalahok ng pag-aaral.

Sa gitna ng figura sa direksyon ng palaso nito ay may isang malaking kahon sa nakapaloob ang tatlong parihabang kahon. Naglalaman ito ng mga baryabol ng pag-aaral gaya: katangian ng mga mag-aaral, antas ng pagkatuto at mga grado sa ikalawang markahan. Ang detalye sa bawat kahong nabanggit ay ang sumusunod.

Sa unang kahon mula sa kaliwa nakapaloob ang mga baryet ng edad, kasarian, ayos ng kapanganakan, antas ng pinag-aralan ng mga magulang, hanapbuhay ng magulang buwanang kita ng pamilya, laki ng pamilya at




Figura 1. Ang Batayang Konseptwal ng Pag-aaral

relihiyon. Sa panggitnang kahon, naglalaman iyo ng antas ng pagkatuto hinggil sa: pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat na tinatawag din makrong kasanayang pangwika. Ang gawing dulong kanang kahon ay ang mga gradong natamo sa ikalawang markahan sa mga subjek na Filipino, English at Makabayan. Sa pagitan ng magkakabilang direksyon ng mga kahon at sa dulong palaso sa gitna ng tatlong kahon, ang kaugnayan ng mga nakapaloob na mga baryet ng bawat kahon.

Mula rito sa direksyon ng palasong paitaas ay mayroon din parihabang kahon na naglalaman ng kinalabasan at implikasyon pagkatapos ng prosesong ugnayan. Pansinin sa magkabilang katapusan ng kahong ito ay may maliliit na putol-putol na linya patungong ibaba at kumatig sa maliit na palaso sa direksyon pababa bilang “*feedback*” ng pag-aaral. Sa pagbalik sa panghuling kahong tinukoy ng maikling putol-putol ng palaso tungo sa huling kahon na naglalaman ng mataas na antas ng pagkatuto bilang tunguhin (*goal*) ng pag-aaral.

Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay napakahalaga sa sumusunod: mga mag-aaral, guro, magulang, administrador ng paaralan at sa hinaharap na mga mananaliksik.

Sa mga mag-aral. Magsisilbing pambukas panloob sa mga mag-aaral sa ikatlong baitang upang matukoy ang tunay na kalagayan sa kani-kanilang pag-aaral ng mga subjek sa Filipino at iba pang pangkatutong lawak (*learning areas*).

Sa mga guro. Makakatulong sa mga guro ang pag-aaral na ito para sa pagplano ng kanilang mga aralin at naging pagtataya sa bawat markahan tulad ng kabatiran ng kalagayan ng bawat mag-aaral upang malapatan ng akmang masistemang pamamaraan ng pagtuturo at pagtatasa ng mga iba-ibang gawaing pangkatuto para sa interes ng mga mag-aaral, kakailanganin para sa kapakanan at kinauukulan.

Sa mga magulang. Ang pag-aaral na ito ay magsisilbing pamukaw na paraan upang makumpirma ng mga magulang ang tunay na kalagayan ng kanilang mga anak at makapagbigay ng panubaybay sa paggawa ng mga araling pambahay.

Sa mga administrador ng paaralan. Makatutulong ang pag-aaral na ito sa pagbuo ng mga palisiya, patakaran at mga alituntuning nauugnay sa pangkalinangan ng mga mag-aaral at pagpapakita ng kanilang pergormans akademiko.

Sa hinaharap na mga mananaliksik. Ang pag-aaral na ito ay magbibigay ng hudyat sa mga mananaliksik kung alin pang lawak ang dapat bigyan ng panubaybay na pag-aaral (*follow-up study*). Makatulong din ito para sa karagdagang mga impormasyon at maaaring isagawa ang naturang pag-aaral sa iba-ibang lugar na naiiba ang tuon o pokus ng pag-aaral.

Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral

Saklaw ng pag-aaral na ito ang antas ng pagkatuto ng Filipino bilang isang batayang subjek sa ikatlong baitang ng antas elementarya. Nakatuon ito hinggil sa apat na makrong kasanayan: pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat. Ang kaligiran ng pananaliksik ay ang mga paaralan sakop ng Purok ng Catbalogan II. Ang mga paaralang ito ay ang sumusunod: Pangdan, Guinsurungan, Basiao, Darahuway Dako, ang Sentral ng Catbalogan II ay naging *try-out* ng pag-aaral. Ang kabuuan bilang ng mga mag-aaral na kalahok ay 250 na binubuo ng 132 mga lalake at 118 mga babae. Ang naturang mga paaralan ay isang delimitasyon ng pag-aaral.

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa taong panuruan 2010 – 2011.

Katuturan ng mga Talakay

Ang sumusunod na mga katawagan na binigyan ng konseptwal at operasyunal na mga katuturan.

Antas ng pagkatuto. Tumutukoy ito sa kahandaan sa pagtanggap ng isang bagay. Sa pag-aaral na ito, ang katawagan ay ang natamong kabatiran sa subjek na Filipino ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang ayon sa kompetensi ng naturang lawak ng pagkatuto Filipino III *Handbook* 2002).

Ayos ng kapanganakan. Ang katawagang ito ay tumutukoy sa pagkasunod-sunod ng pagkasilang ng bawat supling ng mag-asawa.



Figura 2. Ang Mapa ng Purok ng Catbalogan II
Bilang Kaligiran ng Pag-aaral

Laki ng pamilya. Tumutukoy ang pariralang ito sa bilang ng mga kasapi na bumubuo sa isang pamilya mula sa ama, ina at mga supling, ayon sa pag-aaral na ito.

Makabayan. Tumutukoy ito sa isang subjek ng Batayang Edukasyon na binubuo ng iba-ibang lawak ng pagkatuto tulad ng Araling Panlipunan, Musika, Sining, at Edukasyong Pangkalusugan, at Kagandahang-asal (BEC 2002). Sa pag-aaral na ito, ang makabayan ay isang lawak ng pagkatuto (*learning area*). Sa batayang Edukasyon ng 2002.

Mataas na antas. Tumutukoy ang salitang ito sa tunguhin ng pag-aaral na ito kung saan hangad na matamo ang lebel na mataas kaysa karaniwan.

Pagbabasa. Tumutukoy ito sa pagkilala ng mga nakaimprintang simbolo/sagisag at pag-uugnay ng pag-unawa (Belvez, 1997). Tumutukoy din ito sa isa sa apat na makrong kasanayang pangwika na kung saan ang mga kasanayan sa pagbasa ay palaging kasama sa anumang pagsusulit pangwika.

Pakikinig. Ito ay isang proseso ng pagdinig sa pamamagitan ng tainga (Talatinigan, 1998:78). Isa rin itong istilo ng pagkatuto ng anumang bagay. Sa pag-aaral na ito, ang katawagan ay tumutukoy sa isa sa apat na mga kasanayan pangwika na isinama sa pagbuo ng isang pagsusulit pangwika.

Pagsasalita. Tumutukoy sa dalawang taong nagpapalitan ng ideya o impormasyon. Ang pagsasalita ay isang batayang kasanayang pangwikang dapat taglayin ng tagapagsalita (Belvez 1997:80) ang katawagan ay tumutukoy sa isa sa apat na kasanayang pangwika nililinig sa bawat tagapagsalita, ang tama

at wastong pagsasalita ay inaasahang angkop na kasanayan, kasama rin sa pagbubuo ng pagsusulit pangwika

Pagsusulat. Ito ay isang prosesong gumagamit ng mga simbolo upang maunawaan ng sinuman (Atkinson, 1975:79). Sa pag-aaral na ito, ang katawagan ay tumutukoy sa isa sa apat na makrong kasanayan pangwika na palaging kasama sa pagbuo ng isang pagsusulit pangwika.

Relihiyon. Tumutukoy ito sa pananampalataya, isang paniniwala na sumasamba sa Panginoon o alinmang Diyos. Kaugnay din ito sa pagsimba sa Panginoong Diyos o sinuman binibigyan ng paniniwala o halaga (Talatinigan, 1980:78). Sa pag-aaral na ito, tumutukoy sa mga relihiyong katoliko o iba pang paniniwala ng mga kalahok ng pag-aaral.

Kabanata 2

MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL

Ang kabanatang ito ay tumatalakay sa mga kaugnay na mga literatura at pag-aaral na sinuri ng mananaliksik. Mula sa nalathala at di-nalathalang mga materyal, ang mga ito ay nakapagbigay ng konsepto, simulain at paglinang ng pag-aaral na ito.

Kaugnay na mga Literatura

Nakasaad sa sektoral na mga *target* tungo sa pangkalinangang rasyunal hinggil sa adyenda para sa tinatawag na “*early childhood care and development*” o ECCD. Mayroon tatlong pinagkukunan ng mahabang termino ng pamahalaan sa adyenda ng ECCD; sa pagbanggit: ang konstitusyon ng Pilipinas, ang UN konbensyon sa karapatang pambata at ang *Education for All* (EFA), isang adyenda para sa ECCD na binuo ng *National Council of Education for All* (NCEFA)/ (UNICEF, 2003:27).

Ang Seksyon 2, Art. XV ng Saligang Batas (1987) ay nagtatadhana ng ispesyal na pagtulong sa mga kabataan sa iba-ibang sitwasyon:

Ang karapatan ng kabataan na matulungan kasama ang tamang pag-aaruga at nutristyon, at ispesyal na proteksyon sa lahat ng mga uri ng pagpapabaya, pag-aabuso, pagmamalupit, eksploytasyon at ibang kondisyong nakapipinsala sa kani-kanilang pangkalinangan.

Ang nabanggit na makataong pagdala sa mga kabataan ay pinatindi rin ng medya sa pamamagitan ng pagtatag ng *hotline* Bantay Bata 163 tungkol sa pangangalaga ng mga kabataan.

Bukod sa mga abusong nabanggit. Ang *Council for the Welfare of Children* (CWC) ay naglunsad din ng kauna-unahang komprehensibong pagplano para sa mga kabataan simula sa taon 1990 hanggang 1992. Ang plano ay sumasaklaw sa iba't ibang lakas na maglalaan ng kapaligirang kailangan para sa paglaki, malusog, produktibo at responsabling mga mamamayan. Kasali sa plano ang gabay simulain, layunin, palisiya, istratehiya at mga programa para sa kapakanan ng mga kabataan.

Ang pagbabago ng kurikulum ay tumugon din sa tadhana ng Saligang Batas. Mayroon tiyak na tadhana tungkol sa wika na dapat bigyang pansin ng mga kinauukulan na pairalin, linangin at payabungin ang wikang Filipino (KWF:2010).

Batay sa Batayang Edukasyon ng kurikulum 2002, ang mga konsepto ng Sibika at Kultura ang nilalaman nito ay mula sa Filipino sa una hanggang ikatlong baitang. Ang mga batayang kasanayan na matutunan nang lubosan ay hango sa unang tatlong baitang. *Handbook* sa Filipino (2002:3).

Ang Panukalang Batas Bilang 1138 na isinulong ni Gabriela *Women's Party List* - Lisa L. Masa, ang isang pambansang-demokratikong sistema ng edukasyon ay nagsasaad ng mga sumusunod. Ang Wikang Pambansa ay ang wikang Filipino, alinsunod sa Saligang Batas, wala nang iba. Magsasagawa ang

pamahalaan ng mga hakbangin upang puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino sa lahat ng paaralan sa bansa. Ang mga wikang panrehiyon, at mga wikang banyaga gaya ng Ingles, Kastila at Arabic ay magsisilbing mga wikang pantulong. Maari silang isulong ng kusa; at sa loob ng 90 araw mula sa pagkapasa ng batas na ito ang mga kaukulang ahensiya ay naglalabas ng karampatang mga alituntunin at gabay para sa pagpapatupad ng naturang batas. Isang taon ang ibinigay na palugit para sa lahat ng mga paaralan para sa malawakang pagpapatupad.

Sa pag-aaral ng Ateneo de Manila, iniulat nito sa kanilang 1989 Sarbey, kung saan 92 bahagdan ng populasyon natin ang nakakaintindi ng Filipino, 88 na bahagdan ay nakakabasa, 83 bahagdan ang nakapagsasalita, at 82 bahagdan naman ang nakakasulat sa wikang Filipino. Sinabi naman ng dating kalihim ng Departamento ng Edukasyon at Kultura, Andrew Gonzales, na pagdating ng dekada 2000, 98 bahagdan ng mga Pilipino ang marunong nang gumamit ng Filipino sa kani-kanilang pakikisalamuha at pakikipag-usap. Dagdag pa nito iniulat ng *National Statistics Office* (NSO) sa kanilang sensus sa linggwahe, siyam sa sampung Pilipino ang nakakaintindi ng Filipino. Ang Filipino bilang pambansang wika ay isang "*lingua franca*" sa inter-etnikong komunikasyon sa ating bansa. Ito ang linggwahe ng higit kumulang sa 90 milyong Pilipino. Ito rin ang linggwahe ng mahigit sa walong milyong Pilipinong nasa ibang bansa. Kung kaya dapat lang isulong ang Filipino bilang panturo sa ating mga paaralan pribado man o pampubliko.

Sa pagkatuto ng wika, mayroon mga teyoritikal na pananaw sa mga nakaraang dekada; ang manatiling makatotohanan na naging bahagi sa pormasyon ng pag-uugali o "*habit formation*". Ang katutubong wika na ipinakikita sa kanyang pag-uugali sa pagkatuto, ginagawang daan para sa pagkatuto ng pangalawang wika. Sa pamamagitan ng isinulat na pagsasanay, seminar, pinaigting ito ng mga guro sa kani-kanilang pagtuturo upang maiwasan ang di-inaasahang pagkakamali, ayon kay Pascasio, (1991:11).

Ang mga modelo nina Schramm (1965:02) at Shannon (1965:27) hinggil sa akwisisyon ng wika ng isang mag-aaral ay kanilang pinangatwiranan na hindi sapat ang pormasyon sa pag-uugali at kailangan din ang kaalaman sa mga tuntunin panggramatika at aktibong partisipasyon ng mga ito tungo sa pagkatuto ng isang wika.

Isinaad naman nina Canare at Swain (1993:12) na ang kakayahang pakikipagtalastasan ay nagtataglay ng apat na lawak ng kaalaman at kasanayan, gaya ng kakayahang gramatikal, sosyolinggwistiko, diskurso at istratihiko. Sa unang lawak, tungkol sa lubosang pagkatuto ng mga sagisag ng wika, berbal o di-berbal, sa ikalawa, ang kaalaman sa sosyo-kultural na mga gamit ng tuntunin. Sa ikatlo ay ang pagsasama-sama ng mga pormang gramatikal at ang pang-apat ay ang pagkatuto ng berbal at di berbal na komunikasyon.

Ayon kay Orstein (1990:33), ang pagkatuto ay isang reflektib na proseso kung saan ang mga mag-aaral ay makalilikha ng mga panibagong kaisipan at

pang-unawa sa mga pagbabagong nagaganap at muling pagbuo ng kanilang prosesong pangkaisipan.

Kinumpirma rin ni Kolb, N. (1984:76), ang pagkatuto ay isang proseso kung saan ang kaalaman ay ginagawa sa pamamagitan ng transpormasyon ng mga karanasan. Ang kaalaman ay mula sa samot-saring karanasan at ito ay pinagyayaman.

Sa kabilang dako, ang kontemporaryong kognitibo na sikolohiya ng pagkatuto ay nagtakda ng sumusunod na mga simulain ng pagkatuto: pagtuturong nagsasagawa sa sinasabing matuto kaalinsabay sa paggawa ng isang bagay, ang simulain ng kahandaang nauugnay sa mga yugto ng pangkalinangan at ang kanilang nakaraang natutunan (*prior knowledge*). Dagdag pa ang pagkatuto ay dapat derikta sa tunguhin at nakukuha sa positibong fidbak, pinupuri at hinihikayat ang mga pangganyak sa pagtuturong-pagkatutong proseso at ang metakognitibong proseso ayon kay Forster (1786:3).

Sa ibang senaryo ng pagkatuto, mayroon iba-ibang istilong pagkatuto na nagbibigay ng preperensya sa indibidwal na pagproseso ng mga impormasyon Dunn at Dunn (1992:28). Ang istilo ng pagkatuto na isinasalarawan bilang isang dimensiyon ng personalidad na nakaimpluwensya sa saloobin, halaga at sosyal na interaksyon. Corpuz at Lucas (2012:62).

Kaugnay na mga Pag-aaral

Ang sumusunod ay ang mga kaugnay na mga pag-aaral na may kaugnayan sa pag-aaral na ito:

Ang pag-aaral ni Aragon (2003) na pinamagatang “Mga Kasanayan sa Pagbasang May Pang-uunawa sa Filipino sa Unang Baitang; Isang Pagsusuri” ay nakatuklas ng mababang resulta sa pagbasa ng mga kalahok. Kahit matatanda na ang mga ito sa baitang mababa sa 75 bahagdan na kasanayang lebel ang natamo kumpara sa resultang natamo sa baitang na kanilang pinapasukan. Itinagubiling dapat mabigyan ng atensyon ng mga guro ang kanilang mga mag-aaral lalong lalo na sa mga liblib at malalayong lugal. Ito ang naging pangunahing sanhi ng pagbaba ng perormans ng mga nasa ibang baitang sa kasanayan ng pagbasa sa unang baitang ng Purok ng Jiabong.

Ang nabanggit na pag-aaral ay may pagkakahawig sa kasalukuyang pag-aaral sa kasanayan sa pagbasa kung saan ang pagbasa ay isa sa mga lawak ng batayang kasanayang pangwika na pinagkunan ng mga kasanayang isinama sa pagbuo ng pagsusulit na ipinangasiwa sa mga kalahok. Nagkakaiba ang pag-aaral sa kaligiran ng mga kalahok at pananaliksik. Ang unang pag-aaral ay mga mag-aaral sa unang baitang samantala itong kasalukuyan ay mga mag-aaral sa ikatlong baitang.

Si Bulan (2002) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, “Kasanayang Ponolohikal ng mga Mag-aaral sa Ikaanim na Baitang; Batayan

para sa Pagbuo ng Kagamitan para sa Mabisang Pakikipagtalastasan.” Bumuo siya ng isang kagamitang instruksyunal para sa isang mabisang pakikipagtalastasan bilang “*output*” ng kanyang pag-aaral. Sa kanyang pagsisiyasat, natuklasan niyang lubhang mahirap para sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang ang mga ponemang segmental at supra segmental. Upang matugunan ang kahirapang ito, bumuo siya ng mga halimbawang banghay aralin na may kasamang mga pagsasanay para sa pagpapayamang gawain.

Ang pag-aaral ni Bulan (2002) ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sa punto ng larangan ng pangwika. Bagaman ang binigyang tuon (*emphasis*) ng kanyang pag-aaral ay nasa pasalitang pagdulog ng pagtuturo ng isang wika, ang kasalukuyang pag-aaral ay nakapukos sa pagkatuto bilang natamong kasanayang pangwika. Dagdag pa, panlinggwistiko ang pagdulog ng pananaliksik ang ginamit ni Bulan samantala itong kasalukuyang pag-aaral ay nasa gramatikal na katangian ng pagtuturo.

Sa kabilang dako, si Baysa (2006) ay nagsagawa rin ng isang pag-aaral na pinamagatang; “Analisis ng mga Kompetensiyang Di-lubusang Natutuhan sa Filipino sa Pambansang Paaralan ng Samar: Batayan para sa isang Interbensiyong Programa”. Sa kanyang pagsisiyasat natuklasan niya ang sampung (10) kompetensi na mababa ang nakuhang perormans ng mga estudyante sa 2006 NAT sa subjek na Filipino. Itinagubilin niyang nararapat magkaroon ng interbensiyong programa para maagapan, mapabuti at maiangat ang akademikong perormans ng subjek na Filipino sa naturang paaralan.

Ang pagkakahawig ng pag-aaral ni Baysa sa kasalukuyang pag-aaral ay sa subjek na Filipino at sa lawak ng pagkatuto "*learning area*" na Filipino. Subalit may pagkakaiba ang dalawang pag-aaral, sa antas ng naturang subjek mga mag-aaral ng hayskul ang kay Baysa samantalang itong kasalukuyang pag-aaral ay mga mag-aaral sa ikatlong baitang ng elementarya. Dagdag pa, binigyan ng pagtataya ang mga estudyante na nasyunal na antas ng pagsusulit na istandardisado samantala itong pag-aaral ay tinaya sa pamamagitan ng ginawang pagsusulit ng guro sa antas pansilid-aralan.

Isang pangmataas na antas ng pag-aaral ang isinagawa ni Resma (2006); sa antas tersyarya, na may pamagat, "Antas ng pagkatuto sa Ispeling at Pakikinig ng mga Estudyante sa Kolehiyo." Binigyan ng pagsubok ang mga estudyante sa ispeling ayon sa 2001 revisyon at patnubay sa ispeling ng wikang Filipino (KSF) ng mga dalubguro sa pagtuturo ng subjek na Filipino ay isa ring salik na nakaapekto sa pagkatuto ng mga estudyante. Natuklasan sa pag-aaral na ito, ang mababang resulta sa Ispeling ng mga salita batay sa 2001 pag-alinsunod sa kalakarang Ispeling ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

Ang pag-aaral ni Resma ay may pagkakahawig sa kasalukuyang pag-aaral dahilan sa subjek na Filipino ang nasasaklawan ng kanyang pag-aaral. Ang baryabol ng pagkatuto ay ang tuon ng dalawang pag-aaral subalit may pagkakaiba ang dalawang pag-aaral sa mga puntong ito: Ispeling lamang ang tuon ng kanyang pag-aaral na bahagi ng subjek sa Filipino samantala itong kasalukuyang pag-aaral ay kabuuang nilalaman ng subjek na Filipino. Ang mga

kalahok ay nagkaiba rin: ang pag-aaral ni Resma mga estudyante ng kolehiyo samantala itong kasalukuyang pag-aaral ay mga mag-aaral sa ikatlong baitang ng elementarya.

Dalawang hiwalay na mga pag-aaral ang isinagawa nina Delfin (2008) at Go (2007) hinggil sa “Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Estudyante sa Haiskul ng mga Piling Pambansang Paaralan ng Samar.” at “Kakayahang Pangwika sa Filipino ng mga Estudyante sa Ikalawang Taon ng Pambansang Paaralan ng Samar,” ayon sa pagkasunod-sunod.

Ayon sa pag-aaral ni Delfin (2008); natuklasan niya ang kakayahang komunikatibong natamo sa Filipino ng mga estudyante. Ito’y nababahagi sa sumusunod: gramatikal na kakayahan, sosyolinggwistikong kakayahan, diskursong kakayahan at istrategikong kakayahan. Ginamit niya ang isang pagsusulit bilang instrumento sa pagtaya ng mga nabanggit na kakayahan. Narito ang mga resulta: sa gramatikal ang *facility value* ay 0.75, at ang *difficulty value* ay 0.25; sa sosyolinggwistiko, ang *facility value* ay 0.21 at ang *difficulty value* ay 0.79; sa diskurso, ang *facility value* ay 0.55 at ang *difficulty value* ay 0.45 at ang huli, istrategiko, ang *facility value* ay 0.30 at ang *difficulty value* ay 0.70. Natuklasan sa pag-aaral ay pagkamadaling halaga ay mas mataas-taas kaysa kahirapang-halaga sa apat na kakayahang komunikatibo.

Ang pagkakahawig ng dalawang pag-aaral ni Delfin sa kasalukuyang pag-aaral ay sa larangan ng wikang Filipino bilang sabjek sa paaralan. Nagkakaiba ang kapwa pag-aaral sa mga puntong ito: linggwistikong pagdulog

ang ginamit sa una samantala itong kasalukuyan ay batay sa apat na makrong kasanayang pangwika ng kombensyunal na paraan. Magkaibang uri ng mga kalahok ang dalawang pag-aaral at gayun din ang kaligiran ng pananaliksik.

Sa kabilang dako, napag-alaman naman sa pag-aaral ni Go ang tatlong aspeto sa kakayahang pangwika: palatunugan o ponolohikal, palabuan o morpolohikal at palaugnayan o sintaktikal. Sa kabuuang bilang na 50 aytem ng pagsusulit pangwika, natuklasan ang tindi ng kahirapan na mababang-mababa ang naging resulta sa bawat lawak ng wika na saklaw ng pag-aaral. Sa konklusyon, pagkatapos ng pagtataya natuklasan ang katindian at saloobin ng mga kalahok at lumabas na lalong matindi sa nilalaman o kontent, matindi sa pamaraan o istrategiya at sa ebalwasyon o pagtataya ay di-gaanong naramdaman. Itinagubilin sa mga mag-aaral ang maingat na pagbuo ng mga aytem na tamang tama lang sa kahirapan upang maging katamtaman at para sa lahat.

Ang pagkakahawig ng dalawang sinuring pag-aaral sa kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon sa Filipino at nilalaman nito. Subalit may pagkakaiba rin ang mga ito. Ang unang pag-aaral ay nakatuon sa kakayahan ng mga estudyante sa mga lawak na pagkatuto ng isang wika. Nagkakaiba ang dalawang pag-aaral dahil sa wika at binigyan ng ugnayan ang mga baryet sa pag-aaral samantala itong kasalukuyang pag-aaral ay ang pagdetermina ng antas ng pagkatuto ng wika ng subjek na Filipino.

Si Babalcon (2007) ay nagsagawa rin ng isang pag-aaral na pinamagatang “Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Ikalimang Baitang ng mga Paaralang Sentral ng Wright.” Ang mahalagang kinalabasan ng kanyang pag-aaral ay napatunayan na ang kasarian ay walang kinalaman sa antas ng pagbasa ng mga mag-aaral lalake o babae man. Ang antas ng pagbasa ay iniugnay sa saloobin sa pag-uugali kung kaya’t napatunayan din na ang pag-uugali at saloobin ay walang kinalaman sa isa’t isa at malayang malaya ito sa proseso ng pagbasa. Kung kaya’t nakapagmungkahi ang mananaliksik isang interbensyong programa para tugunan ang kalagayan ng mga mag-aaral. 30

Ang pag-aaral na nabanggit ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sa mga puntong ito: pagbasa ang pangunahing baryabol na saklaw din ng pag-aaral na ito. Bukod pa, tinaya rin dito ang lebel ng perormans sa pagbasa ng mga kalahok batay sa pagsusulit na ibinigay sa mga mag-aaral. Nagkakaiba lamang ang dalawang pag-aaral sa mga aspitong ito: pangmataas na antas ng baitang ang nabanggit na pag-aaral samantala itong kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon sa ikatlong baitang ng elementarya. Ang sinuring pag-aaral ay nasa kaligirang sentral ang nasasaklawan at gayun din ang mga kalahok subalit itong pag-aaral ay mga paaralang elementarya na kumpletong mga grado ng paaralan.

Sa pag-aaral ni Mabansag (2011) na may pamagat na “Mga Kompetensi sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikalawang Baitang: Batayan para sa Paggawa ng Kagamitang Instruksyunal.” Napag-alaman sa kanyang pag-aaral ang sumusunod: may pagkakaiba ang kompetensi sa pakikinig at pagsasalita ng mga

kalahok ayon sa kasarian subalit wala namang pagkakaiba ang mga kompetensi sa pagbasa at pagsulat ng mga mag-aaral ayon sa baryet na nabanggit. Itinagubilin ng mananaliksik ang paggawa ng kagamitang instruksyunal na tutugon sa mga mag-aaral.

May pagkakahahawig ang pag-aaral ni Mabansag sa kasalukuyang pag-aaral sa dahilan na ang mga kompetensi ay mga kasanayan din na saklaw ng kapwa pag-aaral. Ginamit ang mga kompetensi sa pagtaya ng kapwa mga kalahok. Subalit may pagkakaiba ang dalawang pag-aaral sa mga mag-aaral sa ikalawang baitang ng Paaralang Sentral, samantala itong kasalukuyang kalahok ang mga mag-aaral sa mga kumpletong elementarya ng mga barangay at kasama rin ang Paaralang Sentral ng Catbalogan II bukod pa nito, magkaiba ang kaligiran ng pananaliksik ng kapwa pag-aaral.

Sa pag-aaral din ni Macalalad (2007) hinggil sa “Mga Kompetensi sa Filipino ng mga Mag-aaral at Sulatin ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino sa Ikaanim na Baitang,” napag-alaman sa konklusyon ng pag-aaral na lahat ng mga kompetensi sa Filipino sa ikaanim na baitang na isinama sa pagsusulit ang nagtamo ng mababang tamtamang perpormans na iskor (MPS) at sa saloobin ng mga gurong nagtuturo ng subjek na Filipino, di-lubosang sukdulan ang kanilang pagsang-ayon sa pagtuturo nito. Dagdag pa, di-nagkakatatugma ang mga nilalamang ginagamit ng guro sa araling nililintang at istrategiyang ginamit.

May pagkakahahawig ang pag-aaral ni Macalalad sa kasalukuyang pag-aaral sa punto ng mga kompetensi na magkahulugan sa mga kasanayang

isinasama sa pagtuturo at paggawa ng mga pagsusulit. Subalit may pagkakaiba ang dalawang pag-aaral, sa mga kalahok na ginamit ng kapwa mananaliksik: mga mag-aaral sa ikaanim na baitang ang una at mga mag-aaral naman sa ikatlong baitang itong kasalukuyang pag-aaral. Bukod pa, sa unang pag-aaral, ang mga gurong nagtuturo ng Filipino siniyasat at dalawang uri ng kalahok samantala itong kasalukuyang pag-aaral ay mga mag-aaral lamang sa ikatlong baitang. Ang sinuri at kasalukuyang pag-aaral ay magkaibang-magkaiba ang kaligiran ng pag-aaral panlungsod at mga paaralang kompletong baitang ayon sa pagkasunod-sunod.

Ang pag-aaral ni Mondoy (2010) na may pamagat na “Kakayahan sa Pagtuturo ng Filipino ng mga Guro sa mga Baitang Intermedya,” napag-alaman sa konklusyon na walang mahalagang kaugnayan ang antas ng kakayahan sa pagtuturo ng Filipino ng mga guro at mga baryet ng kasarian, sibil na istatus, posisyon at buwanang kita, subalit ang mga baryet ng gulang, sanligang edukasyon bilang ng taon sa karanasan sa pagtuturo at salingkurang pagsasanay na dinaluhan ay naging mahalaga.

Ang pagkakahawig ng dalawang pag-aaral ay nasa mga puntong ito: subjek na Filipino ay baryabol ng kapwa pag-aaral at kakayahan sa pagtuturo ng naturang subjek. Subalit may kaakibat na pagkakaiba ang kapwa pag-aaral at kakayahan sa pagtuturo sa una at antas ng pagkatuto itong huling pag-aaral. Ang mga kalahok sa unang pag-aaral ay mga mag-aaral sa ikaanim na baitang

samantala itong kasalukuyang pag-aaral ay mga mag-aaral sa ikatlong baitang ng primarya.

Isang pinakabagong pag-aaral ang isinagawa ni Talagon (2011) na pinamagatang, “Ang Paglinang ng mga Bokabularyo sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikaanim na Baitang;” pinag-uri-uri sa lima ang paglinang ng mga bokabularyo ayon sa pamponetikong pagsusuri, kontekstong palatandaan, kayariang pagsusuri, pampaninging salita at paggamit ay diksyunaryo. Napag-alaman sa konklusyon na mataas ang antas na natamo sa Filipino sa unang markahan kaysa antas ng kahusayan na itinalaga ng DepEd na 75 bahagdan, nagkaroon din ng diretsong proporsyunal na ugnayan na kung mataas ang mga marka sa Filipino, mataas din ang lebel ng kanilang perormans sa pagsusulit.

May pagkakaugnay ang sinuring pag-aral sa kasalukuyang pag-aaral sa punto ng Filipino bilang subjek ng kapwa mag-aaral at sa mga bokabularyo na bahagi ng kasanayan sa pagbasa kung saan di-mawawala ang bokaburlaryo sa anumang mga pagsusulit pangwika. Subalit may lantad na pagkakaiba ang dalawang pag-aaral; tiyak na mga bokabularyo lamang ang binigyang tuon ng naunang pag-aaral samantala itong kasalukuyang pag-aaral ay umiikot sa apat na mga makrong kasanayang pangwika at ang mga bokabularyo ay nasa ilalim ng makrong pagbasa. Magkaiba ang mga kalahok at kaligiran ng kanilang pag-aaral mga mag-aaral sa ika-aanim na baitang at mga mag-aaral sa ikatlong baitang ang mga kalahok ayon sa pagkasunod-sunod.

Ang sinuring mga literatura at pag-aaral ay nakapag-ambag para sa konseptwalisasyon at pangkalinangan ng pag-aaral na ito.

Kabanata 3

METODOLOHIYA

Ang bahaging ito ay naglalahad ng pamaraang ginamit para sa pag-aaral na ito. Kalakip nito ang disenyo ng pananaliksik, instrumentasyon, balidasyon ng mga instrumento, paraang sampling, paglikom ng mga datos at paglalapat istadistika para sa pagpapakahulugan ng mga nalikom na datos.

Disenyo ng Pananaliksik

Ang disenyong ginamit sa pag-aaral na ito ay isang palarawang korelasyunal na pananaliksik (*descriptive correlational research*). Kung saan inilalarawan ang kasalukuyang kalagayan ng mga kalahok at paggamit ng batayang kasanayang pangwika para sa pagtataya ng mga baryabol ng pag-aaral. Sa pagkataya ng mga pangunahing baryabol, inuugnay ito sa mga baryet upang makita ang ugnayan o korelasyon ng mga ito.

Ginamit ang mga istadistikang tulad ng sumusunod: "*frequency count*", bahagdan, mga tamtaman, *standard deviation (SD)*, "*Product Moment Coefficient Correlation*" o "*Pearson r*". Sa pagsubok ng ipotesis, ang *Fisher's t-test* ay ginamit at inihambing ang natuos na datos kritikal na halaga. Pagkatapos na maihambing sa talahanayang halaga at pinagpasiyahan sa 0.05 lebel na halaga. Binigyang diin din ng ebalwasyon ang bawat sinubok na ipotesis kung dapat tanggapin o tanggihan.

Ang Instrumentasyon

Ang pangunahing instrumentong ginamit sa paglilikom ng mga datos ay isang pasulat na pagsusulit. Ang pagsusulit na nabuo ay isang inihandang pagsusulit batay sa istandard na talahanayan ng pagtitiyak o ispisipikasyon.

Ang pagsusulit. Ang pagsusulit na ibinigay ng mananaliksik ay tungkol sa apat na makrong kasanayan pangwika: pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat batay sa mga kompetensi sa ikatlong baitang.

Ang pagsusulit ay binubuo ng 35 aytem na may apat na pagsubok: Pagsubok I, Pakikinig; Pagsubok II, Pagsasalita; Pagsubok III, Pagbabasa; Pagsubok IV, Pagsulat. Ang tipo ng pagsusulit ay isang obhektib na may pinagpipilian o "*Multiple Choice Test*". Binubuo ng apat na opsyon o alternatibo at may sagutang papel (*answer sheet*).

Balidasyon ng mga Instrumento

Ang pagsusulit bilang pangunahing instrumento ay idinaan sa balidasyon ayon sa nilalaman, pagkakabuo at pormat. Dahilan sa ito ay may katatagan na o balidong instrumento, hindi na ito idinaan sa "*try-out*". Iyon lang iniayos nang mabuti ang pagkaimprinta, malinaw at lohikal na paglalahad ng naturang instrumento.

Pagkuha ng Sampol

Sa pagkuha ng sampol tiningnan ng talaan ng patalaan ng purok ng mga paaralang kasangkot sa pag-aaral. Sa kabuuan, ang patalaan ng Catbalogan II

Sentral, 306; Paaralang Elementarya ng Guinsurungan, 76; Paaralang Elementarya ng Bunuanan, 60; at Paaralang Elementarya ng Pangdan, 58. Ang mga ito ay mga kumpletong elementarya. Limangpung bahagdan ang kinuha at lumalabas ang sumusunod na sampol: Sentral ng Catbalogan II, 153; Paaralang Elementarya ng Bunuanan, 30; Paaralang Elementarya ng Guinsurungan, 38; at Paaralang Elementarya ng Pangdan, 29. Ang mga ito ay may kabuuang bilang na 250 na nababahagi sa 132 mga lalake at 118 ay mga babae.

Paglikom ng mga Datos

Bago isinagawa ang prosesong ito, ang mananaliksik ay kumuha ng isang pasulat na pahintulot sa pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan ng Lungsod. (Tingnan sa Apendiks E). Sa pinagtibay na sulat-kahilingan para sa pangangasiwa ng pagsusulit; ang mananaliksik ay personal na nagpunta sa mga paaralang kasangkot. Siya ay nakipagkita sa mga puno ng bawat paaralan at nakipag-ugnay sa mga gurong nagtuturo sa ikatlong baitang. Pinangangasiwaan ng mananaliksik ang distribusyon ng talatanungan na may kasamang pagsusulit sa Filipino. Ang nalikom na mga datos ay sinuri, itinalay ay isinangguni sa isang istatistisyan para sa kaukulang angkop na istadistika. Ang gawaing ito ay isinagawa sa huling dalawang linggo ng buwan ng Enero 2011.

Paglalatap Istadistika ng mga Datos

Ang sumusunod na istadistika ay ginamit para sa pagpapakahulugan ng mga nakalap na datos: *"frequency count,"* bahagdan, *"weighted mean,"* *"standard*

deviation" at "*Pearson r*" para sa pagtuos ng kaugnayan ng mga baryet ng pag-aaral.

"Frequency Count." Ginamit ito para sa pagtuos ng mga katangian ng mga mag-aaral na kalahok.

Bahagdan. Ginamit ito sa pagdedetermina sa persentahe ng kabuuan at sa mga grado ng mga kalahok.

"Weighted Mean." Ginamit ito para sa pagtutuos ng tamtaman na may kabuuan sa mga indikkeytor.

"Standard Deviation (SD)." Ginamit ito para sa pagtaya ng agwat ng mga tinuos na datos mula sa tamtaman.

"Product Moment Coefficient Correlation" o "Pearson r." Ginamit ito sa pagtukoy sa ugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino ng apat na makrong kasanayan at mga baryet ng mga mag-aaral na kalahok.

Ang pormula ayon kay Walpole (1982:202)

$$r = \frac{N\bar{XY} - (\bar{X})(\bar{Y})}{\sqrt{[(N\bar{X}^2) - (\bar{X})^2][(N\bar{Y}^2) - (\bar{Y})^2]}}$$

"Fishers 't." Ginamit sa pagtutuos para sa paghahambing ng *r* at pagsubok ng ipotesis sa pagkukumpara ng taong natuos na datos mababa man o mataas sa tabular na halaga para sa ebalwasyon kung dapat tanggihan o tanggapin ang sinubok na ipotesis.

Narito ang pormula mula kay Ferguson at Tekane (1989:207).

$$\sqrt{\frac{N - 2}{1 - r^2}}$$

Kung saan ang;

r = ang korelasyon sa pagitan ng X at Y

N = bilang ng mga kalahok

2 = konstant

Sinubok ang mga epotesis sa 0.05 antas ng halaga at digring kalayaan (df)

196.

Kabanata 4

PRESENTASYON, ANALISIS AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS

Ang kabanatang ito ay isang presentasyon, naglalahad, analisis, pagsusuri at interpretasyon sa nakalap na mga datos. Kalakip nito ang sumusunod: katangian ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang, antas ng pagkatuto ng Filipino ayon sa apat na makrong kasanayan, kaugnayan at antas ng pagkatuto sa Filipino sa apat na makrong kasanayan at mga baryet, antas ng pagkatuto sa ikalawang markahan sa Filipino, English at Makabayan; kaugnayan sa antas ng pagkatuto sa apat na makrong kasanayan at mga gradong natamo sa ikalawang markahan at mga implikasyon sa kinalabasan ng pag-aaral na ito.

Katangian ng mga Mag-aaral na Kalahok sa Ikatlong Baitang

Ang mga Talahanayan 1 hanggang 7 ay nagpapakita ng mga mag-aaral na kalahok sa ikatlong baitang ng pag-aaral na ito.

Edad at kasarian. Ang Talahanayan 1 ay nagpapahayag ng edad at kasarian ng mga mag-aaral na kalahok.

Edad. Ipinakikita sa talahanayan na ang edad na siyam ay may bilang na 103 o 41.20 bahagdan. Sumusunod dito ang 10 taon na 61 o 24.40 bahagdan. Pangatlong, ang edad na walong taon ay 48 o 19.20 bahagdan. Lumalabas na mas marami ang mga lalake kaysa mga babae.

Sa panig ng kasarian, 132 o 64.7 bahagdan ang mga lalake at 118 o 57.84 bahagdan ang mga babae. Ang lumalabas na mas marami ang mga lalake kaysa mga babae.

Talahanayan 1

Edad at Kasarian ng mga Mag-aaral na Kalahok

Edad (Taon)	Kasarian		Total	Bahagdan
	Lalake	Babae		
15	1	1	2	0.80
14	1	0	1	0.40
13	2	3	5	2.00
12	2	2	4	1.60
11	12	4	16	6.40
10	34	27	61	24.40
9	53	50	103	41.20
9	23	25	48	19.20
7	1	1	2	0.80
6	0	1	1	0.40
Di- tiyak	3	4	7	2.80
Total	132	118	250	100.00
Bahagdan	64.71	57.84	122.55	-
Tamataman	9.5 taon	9.25 taon	9.36 taon	-
S.D.	1.23 taon	1.25 taon	1.24 taon	-

Ayos ng kapanganakan. Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng ayos ng kapanganakan ng mga mag-aaral na kalahok. Nanguna dito ang ika-2 na may bilang na 62 o 24.80 bahagdan. Sumusunod ang una o panganay na 52 o 20.80

Talahanayan 2

Ayos ng Kapanganakan ng mga Mag-aaral na Kalahok

Ayos ng kapanganakan	Total	Bahagdan (%)
1	52	20.80
2	62	24.80
3	36	14.40
4	34	13.60
5	26	10.40
6	19	7.60
7	5	2.00
8	4	1.60
9	2	0.80
10	2	0.80
Di-Tiyak	8	3.20
Kabuuan	250	100.00%

bahagdan. Sa pangatlo ay 36 o 14.40 bahagdan. Pang-apat ay 34 o 13.60 bahagdan. Panlima ay may bilang na 26 o 10.40 bahagdan. Sa pang-anim ay 19 o 7.60 bahagdan. Ang ilang natitira ay nasa pampito, pangwalo, pansiyam at pansampu na may lima o 2.00 bahagdan, apat o 1.60 bahagdan, tig-dadalawa o 0.80 bahagdan ayon sa kanilang pagkasunod-sunod. Mayroon din walo o 3.20 bahagdan ang di-tiyak na nagbigay ng ayos ng kanilang kapanganakan. Ipinahahayag sa talahanayang ito na karamihan sa mga mag-aaral na kalahok ay nasa ikalawa mula sa panganay.

Antas ng pinag-aralan ng magulang. Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng antas ng pinag-aralan ng mga magulang ng mga mag-aaral na

Talahanayan 3

Antas ng ng Pinag-aralan ng mga Magulang ng mga Mag-aaral na Kalahok

Antas ng Pinag-aralan	Ina	Bahagdan (%)	Ama	Bahagdan (%)
Gradwado ng Kolehiyo	41	16.40	28	11.20
Lebel ng Kolehiyo	44	17.60	46	18.40
Gradwado ng Haiskul	50	20.00	57	22.80
Lebel ng Haiskul	42	16.80	33	13.20
Gradwado ng Elementarya	42	16.80	45	18.00
Lebel ng Elementarya	19	7.60	28	11.20
Di nakapag-aral	1	0.40	1	0.40
Di-tiyak	11	4.40	12	4.80
Kabuuan	250	100.00%	250	100.00%

kalahok. Sa pagsisimula sa ina, 50 o 20.00 bahagdan ay nakapagtapos ng haiskul; sinundan ito ng lebel ng kolehiyo na 44 o 17.60 bahagdan; sumunod ang lebel ng haiskul at gradwado ng elementarya na tig-42 o 16.80 bahagdan; may gradwado ng kolehiyo na 41 o 16.40 bahagdan at gradwado at lebel ng elementarya ay 19 o 7.60 bahagdan. Mayroon naglahad ng di-tiyak na pinag-aralan na 11 o 4.40 bahagdan. Sa panig ng ama, narito ang kanilang antas ng pinag-aralan: gradwado sa haiskul, 57o 22.80 bahagdan; sinundan itong lebel ng kolehiyo 46 o 18.40 bahagdan; gradwado ng elementarya, 45 o 18.00 bahagdan; sinundan ito ng lebel ng haiskul na 33 o 13.20 bahagdan; gradwado ng kolehiyo at lebel ng elementarya ay pareho tig-28 o 11.20 bahagdan. Sa huli ay may naglahad ng di-tiyak na 12 o 4.80 bahagdan. Batay sa datos, nailahad na masasabi na may mataas na antas ng pinag-aralan ng mga magulang ng mga mag-aaral na kalahok.

Hanapbuhay ng magulang. Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang hanapbuhay ng mga magulang ng mga mag-aaral na kalahok. Sa pagsimula sa

Talahanayan 4

Hanapbuhay ng mga Magulang ng mga Mag-aaral na Kalahok

Hanapbuhay	Ina	Bahagdan (%)	Ama	Bahagdan (%)
Overseas Filipino Worker	2	0.80	3	1.20
Businessman/Businesswoman	12	4.80	12	4.
Engineer	0	0.00	4	1.60
Nurse	2	0.80	0	0.00
Teacher	14	5.60	3	1.20
Employee	10	4.00	7	2.80
Soldier/Policeman	0	0.00	16	6.40
Security Guard/Body Guard	0	0.00	17	1.20
Technician	0	0.00	5	6.80
Carpenter	0	0.00	16	2.00
Driver/Tricycle Driver	0	0.00	70	6.40
Farmer	0	0.00	2	28.00
Fisherman/Mangingisda	2	0.80	41	16.40
Laborer/Manggagawa	5	2.00	9	3.60
Tailor/Dressmaker, Cashier etc.	14	5.60	11	4.40
Vendor/Fish Vendor	44	17.60	19	7.60
Babysitter/House Helper/	35	14.00	0	0.00
Cook/ Laundry Woman				
Housewife/maybahay	106	42.40	0	0.00
None	0	0.00	5	2.00
Di-Tiyak	4	1.60	10	4.00
Kabuuan	250	100.00%	250	100.00%

ina, karamihan sa kanila ay simpleng "house wife" o maybahay na may bilang na 106 o 42.40 bahagdan. Sinundan ito ng "vendor/fish vendor" o nagtitinda ng isda

na 44 o 17.60 bahagdan; 35 o 14.00 bahagdan ay *"laundry woman"* o labandera; tig-14 o 5.60 bahagdan ay guro; at ang *"Dressmaker"* o mananahi; 12 o 4.80 bahagdan; ay *"business woman"* o negosyante; 10 o 4.00 bahagdan ay *"employee"* o kawani; *"laborer"* o manggagawa ay lima o 2.00 bahagdan; mayroon tig-2 o 0.80 bahagdan ay overseas Filipino worker, nurse at mangingisda. Di-tiyak ang ibinigay ng 4 o 1.60 bahagdan na di-nakasiguro ng kanilang hanapbuhay.

Sa panig ng ama, ang hanapbuhay na inilahad nila ay ang sumusunod: Nanguna rito ang *"driver/tricycle driver"* na may bilang na 70 o 28.00 bahagdan; *"fisherman"* o mangingisda ay 41 o 16.40 bahagdan; *"vendor/fish vendor"* o nagtitinda ng isda na 19 o 7.60 bahagdan; *security guard/body guard*, 17 o 6.80 bahagdan; sundalo o pulis 16 o 6.40 bahagdan; tailor o mananahi, 11 o 4.40 bahagdan; *"laborer"* o manggagawa, na may bilang na siyam o 3.00 bahagdan; employee o kawani na may bilang na pito o 2.80 bahagdan; may lima o 2.00 bahagdan ang mga *"technician"*; *"engineer"* o enhinyero may bilang na apat o 1.60 bahagdan. At may tig-3 o 1.20 bahagdan ang guro at overseas Filipino worker; ayon sa pagkasunod-sunod. Subalit mayroon lima o 2.00 bahagdan na walang hanapbuhay at di-tiyak na 10 o 4.00 bahagdan na di-alam ang kanilang hanapbuhay.

Kapansin-pansin sa nakasaad na mga datos na ang hanapbuhay ng mga magulang ng mga mag-aaral na kalahok ay mga manggagawa at mayroon lamang kaunti ang nasa kategorya ng mga propesyunal na magtatrabaho.

Tamtamang buwanang kita ng pamilya. Ipinakikita sa Talahanayan 5 ang tamtamang buwanang kita ng pamilya ng mga mag-aaral na kalahok. Batay sa datos na inilahad 59 o 23.60 bahagdan ang may kita na Php. 6,000.00; 35 o

Talahanayan 5

Tamtamang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Kalahok

Tamtamang Buwanang Kita (Php)	f	Bahagdan (%)
Php. 30,000.00	6	2.40
Php. 25,000.00	3	1.20
Php. 20,000.00	7	2.80
Php. 16,000.00	7	2.80
Php. 15,000.00	14	5.60
Php. 12,000.00	1	0.40
Php. 10,000.00	8	3.20
Php. 9,000.00	8	3.20
Php. 8,000.00	7	2.80
Php. 7,500.00	6	2.40
Php. 7,350.00	1	0.40
Php. 7,000.00	35	14.00
Php. 6,200.00	2	0.80
Php. 6,000.00	59	23.60
Php. 5,000.00	23	9.20
Php. 4,800.00	1	0.40
Php. 4,500.00	2	0.80
Php. 4,450.00	1	0.40
Php. 4,000.00	11	4.40
Php. 3,200.00	1	0.40
Php. 3,100.00	1	0.40
Php. 3,000.00	24	9.60
Php. 2,400.00	4	1.60
Php. 2,000.00	3	1.20
Php. 1,500.00	2	0.88
Php. 1,000.00	7	2.80
Di-tiyak	6	2.40
Kabuuan	250	100.00%
Tamtaman	Php. 7,738.52	
S.D.	Php. 5,706.37	

14.00 bahagdan ang may kita na 7,000.00; 24 o 9.60 bahagdan ang may kita na Php. 3,000.00; 23 o 9.20 bahagdan ang may kita na Php. 5,000.00; 14 o 5.60 bahagdan ang may kita na Php. 15,000.00; 11 o 4.40 bahagdan ang may kita na Php. 4,000.00; tig-7 o 2.8 bahagdan ang may kita na Php. 20,000.00, Ph.p. 16,000.00, Php. 8,000.00; Php. 1,000.00; tig-6 o 2.40 bahagdan ang may kita na Php. 30,000.00, Php. 7,500.00; at mayroon din anim o 2.40 bahagdan ay di-tiyak na nagbigay ng kanilang kita kung mayroon man o wala. Samakatwid, ang kabuuang tamtaman ay nakaposted sa Php. 7,738.52 na may S.D. na Php. 5,706.37. Ipinababatid sa nakalap na datos na mababa sa "*minimum wage*" na Php. 300.00 bawat araw ang kinikita ng bawat pamilya. Dagdag pa nagpapakita ng mababang antas ng karukhaan "*below poverty line*" ang mga pamilya ng mga mag-aaral na kalahok.

Laki ng pamilya. Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng laki ng pamilya ng mga mag-aaral na kalahok. Pansinin sa talahanayang ito na ang laki ng pamilya, na may 6 na kasapi na 54 o 21.60 bahagdan; ang may 5 kasapi na 36 o 14.40 bahagdan; 8 at 4 na kasapi ang may bilang na 26 o 10.40 bahagdan. Ang Tamtaman ay may 7 kasapi at ang S.D. ay 2 kasapi sa pamilya ng mga mag-aaral na kalahok. Ipinahihiwatig nito ang maraming kasapi ng pamilya ng mga mag-aaral na kalahok.

Talahanayan 6

Laki ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Kalahok

Laki ng Pamilya	f	Bahagdan (%)
13	3	1.20
12	5	2.00
11	9	3.60
10	12	4.80
9	20	8.00
8	26	10.40
7	41	16.40
6	54	21.60
5	36	14.40
4	26	10.40
3	10	4.00
Di-tiyak	8	3.20
Kabuuan	250	100.00%
Tamtaman	7 kasapi	
S.D.	2 kasapi	

Relihiyon. Ang Talahanayan 7 ay nagpapakita ng relihiyon ng mga mag-aaral na kalahok. Ang nanguna rito ay ang relihiyon Romano Katoliko na may bilang na 225 o 90.00 bahagdan. Sumunod dito ay Protestante na may 10 o 4.00 bahagdan; Born Again Christians, pito o 2.80 bahagdan; Jesus is Lord Movement (JIL) at Seventh-Day Adventist ay tig-iisa o 0.40 bahagdan at di-tiyak na nagbibigay ng kanyang relihiyon ay anim o 2.40 bahagdan.

Talahanayan 7

Relihiyon ng mga Mag-aaral na Kalahok

Relihiyon	f	Bahagdan (%)
Born Again Christian	7	2.80
Jesus is Lord Movemennt	1	0.40
Romano Katoliko	225	90.00
Protetante	10	4.00
Seveth Day Adventist	1	0.40
Di-tiyak	6	2.40
Kabuuan	250	100.00%

Ipinakikita sa datos na ito na ang relihiyon ng kalahok ng mga mag-aaral na kalahok ay karamihan mga Romano Katoliko. Subalit anumang relihiyon kumikilala ang lahat at nagsasamba sa kani-kanilang pananampalataya.

Antas ng Pagkatuto sa Filipino Ayon sa Apat na Makrong Kasanayan ng mga Mag-aaral na Kalahok.

Ang Talahanayan 8 ay nagpapakita ng antas ng pagkatuto sa Filipino ng mga mag-aaral na kalahok ayon sa apat na makrong kasanayan ng pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, pagsusulat. Sa 250 kalahok ang bawat kasanayan ay nagtamo ng kani-kanilang tamtaman at "*Standard Deviation*" (SD).

Talahanayan 8

Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan ng mga Mag-aaral na Kalahok

Iskor	Kasanayan/Bilang ng Mag-aaral			
	Pakikinig	Pagsasalita	Pagbabasa	Pagsusulat
10	0	0	15	0
9	44	63	27	0
8	55	31	43	0
7	22	17	68	51
6	33	31	33	101
5	37	40	27	53
4	22	42	19	12
3	34	18	9	3
2	9	5	4	6
1	4	2	4	4
0	0	1	1	20
Kabuuan	250	250	250	250
Tamtaman	6.40	6.24	6.67	5.22
SD	2.18	2.19	1.97	1.91

Pakikinig. Ang kasanayang ito, ang unang tatlong matataas na iskor na natamo ng mga mag-aaral na kalahok sa kabuuan, sa pinakamataas ang sampu (10) na walo, 55; sumunod dito, ang siyam na 44, ang 5, na 37; walang nakakuha ng 0 at 10. Ang tamtamang natuos ay 6.24 at SD na 2.18. Mababa ang natamo sa makrong pakikinig sa pasadong marka at magkalapit ang kakayahan ng mga mag-aaral.

Pagsasalita. Ang kasanayang pagsasalita, ang unang tatlong matataas na iskor ay siyam na may 63; sumusunod ang apat na may 42; at 50 na may 40. Ito ay may kabuuan tamtaman na 6.24 at SD na 2.19. Ipinakita na mababang perormans sa pasadong marka na 75 bahagdan.

Pagbabasa. Sa kasanayang pagbabasa, ang unang tatlong matataas na iskor ay pito na may 68; sumunod ay walo na may 43 at anim na may 33. Mayroon nakuhang iskor na 10, 15 at isa ang *zero* o wala. Ang tamtaman sa kasanayang ito ay 6.67 at SD na 1.97. Mababa ang perormans na ito na hindi rin umabot sa pasadong marka na 75 bahagdan.

Pagsusulat. Sa kasanayang ito ng pagsusulat, ang unang tatlong matataas na iskor ay anim na may 101; sinundan ito ng lima na may 53 at pito na may 51. Walang nakakuha ng 0. Ang tamtaman ay 5.22 at ang SD ay 1.91. Ipinakikita dito na sa apat na makrong kasanayan, ang pagsusulat ay nakakuha ng pinakamababang perormans.

Ipinahihiwatig batay sa resulta na nanguna ang pagbabasa sumunod ang pakikinig, pagsasalita at pagsusulat. Ipinakita dito ang labusang kahinaan at di nagkaroon ng masteri na lebel ng mga mag-aaral na kalahok.

**Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino
sa Apat na Makrong Kasanayan at mga
Baryet ng mga Mag-aaral
na Kalahok**

Ang bahaging ito ay tumatalakay sa ugnayan sa antas ng pagkatuto sa Filipino sa apat na makrong kasanayan: pakikinig, pagsasalita, pagbabasa,

pagsusulat at ang mga baryet ng edad, kasarian, ayos ng kapanganakan, antas ng pinag-aralan ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, tamtamang kita ng pamilya, laki ng pamilya at relihiyon ng mga mag-aaral na kalahok. Inihayag nang malinaw ang mga ito sa mga talahanayan 9 hanggang 18 kung saan ipinakita ang korelasyon at *Fisher's t*; ikinumpara sa *t* na halaga at ebalwasyon para sa pagtanggap o pagtanggap ng sinubok na ipotesis.

Edad. Sa pakikinig, ang r_{xy} ay 0.12, ang tinuos na *Fisher's t* ay 1.63 na mas mababa sa kritikal na halaga sa 1.63 na di-mahalaga. At nagpapahiwatig na walang ugnayan ang pakikinig na sa edad ng mga mag-aaral na kalahok. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino sa makrong kasanayan ng pakikinig at edad" ay tinanggap. Ibig ipahiwatig na ang kasanayang ito ay taglay ng anumang gulang bata man o may edad na.

Talahanayan 9

Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at ang Edad ng mga Mag-aaral na Kalahok

Makrong Kasanayan	r_{xy}	Fisher's <i>t</i>	$t_{tab};$ $\alpha=0.05$ $df=196$	Ebalwasyon
Pakikinig	0.12	1.63	1.96	DM/Tinanggap
Pagsasalita	0.24	3.42	1.96	M/Tinanggihan
Pagbabasa	0.09	1.32	1.96	DM/Tinanggap
Pagsusulat	0.13	1.83	1.96	DM/Tinanggap

Pinagmulan:

M- Mahalaga
DM - Di Mahalaga

Sa makrong kasanayan ng pagsasalita, ang r_{xy} ay 0.24; ang tinuos na *Fisher's t* ay 3.42 na mas mataas-taas sa kritikal na t halaga na 1.96 na lumabas na mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na “walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino ng makrong kasanayan ng pagsasalita at edad” ay tinanggihan. Ibig ipahiwatig na ang edad ay nakaapekto sa pagsasalita sa dahilan na mas may malawak na silang karanasan at pagtumatanda na ang bata ay hindi na ito taglay ang pagiging mahiyain dahil sa mga bata pa ang kasapi niya.

Sa makrong kasanayan ng pagbabasa, ang r_{xy} ay 0.09; ang tinuos na *Fisher's t* ay 1.32 na mas mababa sa kritikal na t halaga na “walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino ng makrong kasanayan ng pagbabasa at edad” ay tinatanggap. Ibig sabihin na ang edad maging may gulang na o bata pa ay may kakayahan na sa pagbabasa dahilan sa tamang kahandaan sa pagbasa sa unang baitang pa lamang nakababasa na ang mga mag-aaral at ang baitang ito ay nasa panahon na ng malawakang pagbabasa. Dagdag pa nakadadagdag ang pagsasanay sa murang edad pa.

Sa makrong kasanayan ng pagsusulat, ang r_{xy} ay 0.13; ang *Fisher's t* ay 1.83 na mas mababa kaysa kritikal t halaga na 1.96 na lumabas na di-mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na “walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino ng makrong kasanayan sa pagsusulat at edad” ay tinatanggap. Ibig ipahiwatig na ang mga mag-aaral na kalahok ay taglay na nila

ang kasanayan sa pagsusulat sa mura pang edad at ang pagsulat ay isang kasanayan ng paglilinig, “*skill development*.”

Kasarian. Ang Talahanayan 10 ay nagpapakita ng ugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino sa kasanayang pakikinig at kasarian ng mga mag-aaral na kalahok. Batay sa datos, ito ay may r_{xy} na -0.17 na may *Fisher's t* na 2.43 na mas mataas-taas sa kritikal t halaga na 1.96 na mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na “walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino ng makrong kasanayan sa pakikinig at kasarian” ay tinanggihan. Ipinahihiwatig na may kinalaman sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pakikinig base sa kanilang kasarian. Ibig sabihin na ang mga babae ay mas nakikinig kaysa mga lalake kung ang guro ay nagkakaroon ng pagtuturo.

Talahanayan 10

Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Kasarian ng mga Mag-aaral na Kalahok

Makrong Kasanayan	r_{xy}	Fisher's t	$t_{tab};$ $\alpha=0.05$ $df=196$	Ebalwasyon
Pakikinig	-0.17	2.43	1.96	M/Tinanggihan
Pagsasalita	-0.15	2.17	1.96	M/Tinanggihan
Pagbabasa	-0.10	1.14	1.96	DM/Tinanggap
Pagsusulat	0.05	0.66	1.96	DM/Tinanggap

Pinagmulan:

M- Mahalaga

DM - Di Mahalaga

Ang Talahanayan 10, ipinakikita ang ugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino ng kasanayang pagsasalita at kasarian ng mga mag-aaral na kalahok. Batay sa datos na ito ay may r_{xy} na -0.15, *Fisher's t* na 2.17 na mas mataas-taas sa kritikal t halaga na 1.96 na mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na “walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino sa makrong kasanayan ng pagsasalita at kasarian” ay tinanggihan. Ang mga lalake ay mas agresibo sa pagsasalita kaysa mga babae.

Sa naturang talahanayan ipinakikita ang ugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino ng kasanayan ng pagbabasa at kasarian ng mga mag-aaral na kalahok. Batay sa natuos, ito ay may r_{xy} -0.10, *Fisher's t* na 1.40 na mas mababa kaysa kritikal t halaga na 1.96 na di- mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na “walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino sa makrong kasanayan ng pagbabasa at kasarian” ay tinatanggap. Ibig ipahiwatig na ang kabatiran sa pagkatuto ng pagbabasa ay walang kinalaman sa kasarian ng mga mag-aaral na pareho lang ang kanilang natamo sa kasanayang ito.

Sa parehong talahanayan, ipinakikita ang ugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino ng kasanayang pagsusulat at kasarian ng mga mag-aaral na kalahok. Batay sa natuos na datos, ito ay may r_{xy} na 0.05 may *Fisher's t* na 0.66 na napakababa sa kritikal t halaga na 1.96 na lumabas na di-mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na “walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino sa makrong kasanayan ng pagsusulat at kasarian” ay

tinatanggap. Ibig ipahiwatig na ang kasanayan sa pagkatuto ng pagsusulat ay walang kinalaman ang kasarian ng mga mag-aaral at di nagkakaroon ng pagtitiyak o distinksyon ng pagkakaiba sa perormans ng lalake man o babae.

Ang mga sinubok na ipotesis ay ibinatay sa halagang lebel na 0.05 sa digring kalayaan (*df*) na 1.96.

Ayos ng kapanangakan. Ang Talahayan 11 ay nagpapakita ng makrong kasanayan sa pakikinig at ayos ng kapanangakan ng mga mag-aaral na kalahok. Batay sa tinuos na datos, ito ay may r_{xy} na 0.11, *Fisher's t* na 1.49 na mas mababa sa kritikal *t* halaga na 1.96 na di-mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ang antas na pagkatuto sa Filipino sa kasanayan ng pakikinig at ayos ng kapanangakan" ay tinatanggap. Ibig ipahiwatig na ang pagkatuto ng pakikinig ay walang kinalaman sa ayos ng kapanangakan ng mga mag-aaral anumang bilang o ayos ng kapanganakan, panganay, panggitna o bunso man siya sa kanilang pamilya.

Sa parehong talahanayan, inihahayag ang makrong kasanayan ng pagsasalita at ayos ng kapanganakan ng mga mag-aaral na kalahok. Batay sa tinuos na datos, ito ay may r_{xy} na 0.05, *Fisher's t* na 0.67 na mababa kaysa kritikal *t* halaga na 1.96 na lumalabas na di-mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino sa kasanayan sa pagsasalita at ayos ng kapanganakan" ay tinatanggap. Ibig ipahiwatig na ang pagkatuto sa pagsasalita ay walang kinalaman sa ayos ng kapanganakan kahit anumang bilang sa kanyang pagkalalang sa pamilya.

Talahanayan 11

Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Aayos ng Kapanganakan ng mga Mag-aaral na Kalahok

Makrong Kasanayan	r_{xy}	Fisher's t	$t_{tab};$ $\alpha=0.05$ $df=196$	Ebalwasyon
Pakikinig	0.11	1.49	1.96	DM/Tinanggap
Pagsasalita	0.05	0.67	1.96	DM/Tinanggap
Pagbabasa	-0.01	0.18	1.96	DM/Tinanggap
Pagsusulat	0.00	0.04	1.96	DM/Tinanggap

Pinagmulan:

M- Mahalaga
DM - Di Mahalaga

Sa parehong talahanayan, ipinakikita ang makrong kasanayan sa pagbabasa at ayos ng kapanganakan ng mga mag-aaral na kalahok. Batay sa tinuos na datos ito ay may r_{xy} na -0.01, *Fisher's t* na 0.18 na mas mababa kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na lumalabas na di-mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino sa kasanayan ng pagbabasa at ayos ng kapanganakan" ay tinatanggap. Ibig ipahiwatig na ang kabatiran sa pagbabasa ay walang kinalaman sa ayos ng kapanganakan anuman ang kanyang pagkalalang sa kanilang pamilya.

Ipinakikita rin sa naturang talahanayan, ang makrong kasanayan sa pagsusulat at ayos ng kapanganakan ng mga mag-aaral na kalahok. Batay sa tinuos na datos, ito ay may r_{xy} na 0.00, *Fisher's t* na 0.04 na napakababa sa

kritikal t halaga na 1.96 na di-mahalaga. Samakatuwid, ang ipotesis na nagsasaad na “walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino sa kasanayan ng pagsusulat at ayos ng kapanganakan” ay tinatanggap. Ibig ipahiwatig na talagang walang epekto ang ayos ng kapanganakan, panganay, panggitna o bunso man siya sa pagkatuto ng pagsusulat. Ibig sabihin ang kasanayang ito ay nasa kakayahan ng mag-aaral na kalahok.

Ang mga sinubok na ipotesis ay ibinatay sa 0.05 antas na halaga at digring kalayaan 1.96 (df).

Antas ng pinag-aralan ng ama. Makikita sa Talahanayan 12 ang ugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino sa makrong kasanayan sa pakikinig at antas ng pinag-aralan ng ama ng mga mag-aaral na kalahok. Batay sa tinuos na resulta, ito ay may r_{xy} na 0.20, *Fisher's t* na 2.87 na mas mataas sa kritikal t halaga na 1.96 na mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na “walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino sa kasanayan ng pakikinig at ang antas ng pinag-aralan ng ama” ay tinatanggihan. Ibig ipahiwatig na ang sanligang edukasyon ng magulang ay may impluwensya sa pagkatuto sa mga mag-aaral.

Sa parehong talahanayan, ang ugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino sa makrong kasanayan ng pagsasalita at antas ng pinag-aralan ng ama ng kalahok ay inihahayag. Batay sa resulta, ang tinuos na r_{xy} na 0.17, *Fisher's t* ay 2.39 na mas mataas kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na lumabas na mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na “walang mahalagang kaugnayan ang

antas ng pagkatuto sa Filipino sa kasanayan ng pagsasalita at antas ng pinag-aralan ng ama" ay tinatanggihan. Ibig ipahiwatig na ang pinag-aralan ng magulang ay nakaiimpluwensya sa saloobin ng mga mag-aaral na kalahok dahil sila'y nabibigyan ng pangaral.

Talahanayan 12

Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Antas Pinag-aralan ng Ama ng mga Mag-aaral na Kalahok

Makrong Kasanayan	r_{xy}	Fisher's t	$t_{tab};$ $\alpha=0.05$ $df=196$	Ebalwasyon
Pakikinig	0.20	2.87	1.96	M/Tinanggihan
Pagsasalita	0.17	2.39	1.96	M/Tinanggihan
Pagbabasa	0.17	2.44	1.96	M/Tinanggihan
Pagsusulat	0.17	2.37	1.96	M/Tinanggihan

Pinagmulan:

M- Mahalaga
DM - Di Mahalaga

Inihahayag sa parehong talahanayan ang ugnayan ng antas ng pagkatuto sa makrong kasanayan ng pagbabasa at antas ng pinag-aralan ng ama ng mga kalahok. Batay sa tinuos na datos, ito ay may r_{xy} na 0.17, *Fisher's t* na 2.44 na mas mataas kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan sa antas ng pagkatuto sa Filipino sa kasanayan ng pagbabasa at antas ng pinag-aralan ng ama" ay

tinanggihan. Ipinahihiwatig na ang pinag-aralan ng ama ay may impluwensya sa pagkatuto sa pagbabasa dahil sa nakatutulong sila sa pagtuturo sa kanila mismo at paghihiikayatin ang mga anak na mag-aral nang mabuti.

Sa naturang talahanayan, ipinakikita ang ugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino sa kasanayan ng pagsusulat at antas ng pinag-aaralan ng ama ng mga mag-aaral na kalahok. Batay sa tinuos na datos, ito ay may r_{xy} na 0.17, *Fisher's t* na 2.37 na mas mataas sa kritikal t halaga na 1.96 na lumabas na mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino sa pagsusulat at antas ng pinag-aralan ng ama" ay tinatanggihan. Ipinahihiwatig na may kinalaman sa pagkatuto ng mga mag-aaral kung may pinag-aralan ang magulang. Nagsisilbing huwaran at nakatutulong sa mga ganitong panpaaralan sa kanilang mga anak.

Antas ng pinag-aralan ng ina. Ang Talahanayan 13 ay nagpapakita ng ugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino sa kasanayan ng pakikinig at antas ng pinag-aralan ng ina ng mga mag-aaral na kalahok. Batay sa datos, ito ay may r_{xy} na 0.19, *Fisher's t* na 2.25 na mas mataas kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na lumabas na mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ang antas na pagkatuto sa Filipino sa kasanayan ng pakikinig at antas ng pinag-aralan ng ina" ay tinatanggihan. Ibig ipahihiwatig na ito ay nakaiimpluwensya sa pagkatuto ng mga mag-aaral na kalahok dahil sa ang ina ay nagbibigay pangaral sa mga anak at sinusunod naman nila.

Talahanayan 13

Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Antas na Pinag-aralan ng Ina ng mga Mag-aaral na Kalahok

Makrong Kasanayan	r_{xy}	Fisher's t	$t_{tab};$ $\alpha=0.05$ $df=196$	Ebalwasyon
Pakikinig	0.19	2.75	1.96	M/Tinanggihan
Pagsasalita	0.17	2.47	1.96	M/Tinanggihan
Pagbabasa	0.17	2.41	1.96	M/Tinanggihan
Pagsusulat	0.04	0.56	1.96	DM/Tinanggap

Pinagmulan:

M- Mahalaga

DM - Di Mahalaga

Sa parehong talahanayan, ipinakikita ang ugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino sa makrong kasanayan ng pagsasalita at antas na pinag-aralan ng ina ng mga mag-aaral na kalahok. Batay sa natuos na datos ito ay may r_{xy} ay 0.17, Fisher 's t ay 2.47 na mas mataas sa kritikal t halaga na 1.96 na lumabas na mahalaga. Samakatwid, ang impotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ng pagkatuto sa Filipino sa kasanayan ng pagsasalita at antas ng pinag-aralan ng ina" ay tinatangihan. Ipinahiwatig na ang natukoy na baryet ay nakakaimpluwensya sa mga kalahok na ang ina ay nagsisilbing huwaran ng pag-aaral ng mga anak mismo. Bukod pa nakatutulong ang mga ina sa mga gawaing panpaaralan.

Sa parehong talahanayan, ipinakikita ang ugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino sa kasanayan ng pagbabasa at antas ng pinag-aralan ng ina ng mga mag-aaral na kalahok. Batay sa natuos na datos, ito ay may r_{xy} na 0.17 *Fisher's t* na 2.41 na mas mataas sa kritikal t halaga na 1.96 na lumabas na mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ng antas na pagkatuto sa Filipino sa kasanayan ng pagbabasa at antas ng pinag-aralan ng ina" ay tinatanggihan. Ipinahihiwatig na ang edukasyon ng ina ay may impluwensya sa pagkatuto ng pagbabasa sa mga anak. Dagdag pa nagiging modelo sila sa kanilang mga supling sa anumang gawaing panpaaralan ayon sa kanilang pinag-aralan.

Sa naturang talahanayan, ipinakikita ang ugnayan ng antas ng pinag-aralan ng ina ng mga mag-aaral na kalahok. Batay sa natuos na datos, ito ay may r_{xy} na 0.04, *Fisher's t* 0.56 na napakababa sa kritikal t na 1.96 na di-mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino sa pagsusulat at antas ng pinag-aralan ng ina" ay tinatanggap. Ibig ipahiwatig na walang kinalaman ang pinag-aralan ng ina para matulungan sa pagsusulat ang kanilang mga anak sa dahilan na nabuo na sa mga anak ang kasanayan sa pagsusulat simula pa ng pumasok sa unang baitang nasanay na ang mga mag-aaral sa pagsusulat.

Ang Talahanayan 14 ay nagpapakita ng kaugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino ng apat na makrong kasanayan at hanapbuhay ng ama ng mga mag-

aaral na kalahok. Ang kasanayang ito ay pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat. Narito ang detalye ng bawat kasanayan.

Talahanayan 14

Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Hanapbuhay ng Ama ng mga Mag-aaral na Kalahok

Makrong Kasanayan	r_{xy}	Fisher's t	$t_{tab};$ $\alpha=0.05$ $df=196$	Ebalwasyon
Pakikinig	0.20	2.80	1.96	M/Tinanggihan
Pagsasalita	0.20	2.83	1.96	M/Tinanggihan
Pagbabasa	0.14	1.99	1.96	M/Tinanggihan
Pagsusulat	0.16	2.27	1.96	M/Tinanggihan

Pinagmulan:

M- Mahalaga

DM - Di Mahalaga

Sa pakikinig na kasanayan ang r_{xy} ay 0.20, *Fisher's t* 2.80 na mas mataas kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na mahalaga. Sa pagsasalita, ang r_{xy} ay 0.20, *Fisher's t* 2.83 na mas mataas kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na mahalaga. Sa pagbabasa, ang r_{xy} ay 0.14, *Fisher's t* 1.99 na mas mataas kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na mahalaga. Ang huling kasanayan sa pagsusulat, ang r_{xy} ay 0.16, *Fisher's t* 2.23 na mas mataas sa kritikal t halaga na 1.96 na mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino sa mga kasanayan ng pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat at hanapbuhay ng ama" ay tinaggihan. Ibig ipahiwatig na ang

hanapbuhay ng ama ay nakaapekto sa pagkatuto sa Filipino ng apat na makrong kasanayan sa dahilang nakikita ng mga mag-aaral na kalahok ang kalagayan ng hanapbuhay ng kanilang ama. Kaya nagiging motibasyon ito sa anak. Ito ay nakapag-udyok na sila (mag-aaral) ay dapat magsumikap upang ibangon ang kanilang kinasadlakang katayuan sa buhay.

Hanapbuhay ng ina. Ipinakikita sa Talahanayan 15 ang kaugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino ng apat na makrong kasanayan at hanapbuhay ng ina ng mga mag-aaral na kalahok. Ang kasanyang ito ay pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat. Narito ang detalye ng bawat kasanayan.

Talahanayan 15

Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Hanapbuhay ng Ina ng mga Mag-aaral na Kalahok

Makrong Kasanayan	r_{xy}	Fisher's t	$t_{tab};$ $\alpha=0.05$ $df=196$	Ebalwasyon
Pakikinig	0.14	1.99	1.96	M/Tinanggihan
Pagsasalita	0.15	2.09	1.96	M/Tinanggihan
Pagbabasa	0.09	1.32	1.96	DM/Tinanggap
Pagsusulat	0.11	1.48	1.96	DM/Tinanggap

Pinagmulan:

M- Mahalaga
DM - Di Mahalaga

Sa pakikinig na kasanayan ang r_{xy} ay 0.14, *Fisher's t* 1.99 na mas mataas kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na mahalaga. Sa pagsasalita, r_{xy} ay 0.15, *Fisher's t* 2.09 na mas mataas kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na mahalaga. Sa pagbabasa, ang r_{xy} ay 0.09 *Fisher's t* 1.32 na mas mababa kaysa sa kritikal t na 1.96 na di-mahalaga. Sa pagsusulat, ang r_{xy} ay 0.11, *Fisher's t* 1.48 na mas mababa kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na di-mahalaga. Samakatwid ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino sa mga kasanayang pakikinig at pagsasalita at hanapbuhay ng ina" ay tinanggihan. Ibig sabihin na ang ina ay nagbibigay palagi ng mga paalala bago sila humarap sa kanilang mga hanapbuhay. Sa kabilang panig ng makrong kasanayan sa pagbabasa at pagsusulat, ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino sa mga kasanayang pagbabasa at pagsusulat at hanapbuhay ng ina" ay tinanggap. Ibig ipahiwatig na ang mga ina ay walang sapat na panahon para matulungan sa pagbabasa at pagsusulat sa dahilan na kampante na ito na marunong na sa pagbabasa at pagsusulat ang kanilang mga anak. Dagdag pa, wala na silang sapat na panahon para pag-ukulan ng pagtulong sa pagbabasa at pagsusulat ang kanilang mga anak dahil sa abala na sila sa trabahong kinahaharap.

Buwanang kita ng pamilya. Ang Talahanayan 16 ay nagpapakita ng kaugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino sa apat na makrong kasanayan at tamtamang buwanang kita ng pamilya ng mga mag-aaral na kalahok. Ang mga

kasanayang ito ay pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat. Narito ang resulta ng natuos na datos.

Talahanayan 16

Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Kalahok

Makrong Kasanayan	r_{xy}	Fisher's t	$t_{tab};$ $\alpha=0.05$ $df=196$	Ebalwasyon
Pakikinig	0.11	1.50	1.96	DM/Tinanggap
Pagsasalita	0.16	2.20	1.96	M/Tinanggihan
Pagbabasa	0.13	1.85	1.96	DM/Tinanggap
Pagsusulat	-0.04	0.57	1.96	DM/Tinanggap

Pinagmulan:

M- Mahalaga

DM - Di Mahalaga

Sa pakikinig, ang r_{xy} ay 0.11, Fisher's t 1.50 na mas mababa kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na di-mahalaga. Sa pagsasalita ang r_{xy} ay 0.16, Fisher's t 2.20 na mas mataas kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na lumabas na mahalaga. Sa pagbabasa, ang r_{xy} ay 0.13, Fisher's t 1.85 na mas mababa kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na di-mahalaga. Ang huli, sa pagsusulat, ang r_{xy} ay -0.04, Fisher's t 0.57 na mas mababa sa kritikal t halaga na 1.96 na di-mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino sa kasanayan ng pakikinig, pagbabasa at pagsusulat" ay

tinatanggap. Kung kaya di ito nakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa buwanang kita ng pamilya. Subalit, ang ipotesis na nagsasaad na “walang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino sa kasanayan ng pagsasalita at buwanang kita ng pamilya” ay tinanggihan. Ibig ipahiwatig na ang pagbibigay ng paalala na pasalita ng magulang ay binibigyan halaga ng mga anak na dapat maging tapat sila sa kanilang pag-aaral.

Laki ng pamilya. Ang Talahanayan 17 ay nagpapakita ng kaugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino sa apat na makrong kasanayan at laki ng pamilya ng mga mag-aaral na kalahok. Ang mga kasanayang ito ay pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat. Narito ang resulta.

Talahanayan 17

Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Laki ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Kalahok

Makrong Kasanayan	r_{xy}	Fisher's t	$t_{tab};$ $\alpha=0.05$ $df=196$	Ebalwasyon
Pakikinig	-0.07	0.91	1.96	DM/Tinanggap
Pagsasalita	-0.07	0.94	1.96	DM/Tinanggap
Pagbabasa	-0.07	0.96	1.96	DM/Tinanggap
Pagsusulat	0.05	1.70	1.96	DM/Tinanggap

Pinagmulan:

M- Mahalaga
DM - Di Mahalaga

Sa pakikinig, ang ang r_{xy} ay -0.07 , *Fisher's t* 0.91 na mas mababa kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na di-mahalaga. Sa pagsasalita, ang r_{xy} ay -0.07 , *Fisher's t* 0.94 na mas mababa kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na di-mahalaga. Sa pagbabasa, ang ang r_{xy} ay -0.07 , *Fisher's t* 0.96 na mas mababa kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na di-mahalaga at sa pagsusulat, ang ang r_{xy} ay 0.05 , *Fisher's t* 0.70 na mas mababa kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na di-mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na “walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino sa kasanayan ng pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat” ay tinatanggap. Ibig ipahiwatig na walang ugnayan ang pagkatuto sa mga naturang kasanayan sa bilang ng kasapi ng pamilya ng mga mag-aaral na kalahok.

Relihiyon. Ang talahanayan 18 ay nagpapakita ng kaugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino sa apat na makrong kasanayan at relihiyon ng mga mag-aaral na kalahok. Ang apat na kasanayang ito ay pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat.

Batay sa pagtutuos ng mga datos narito ang resulta. Sa pakikinig, ang r_{xy} ay -0.02 , *Fisher's t* 0.28 na mas mababa kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na di-mahalaga. Sa pagsasalita, r_{xy} ay -0.05 , *Fisher's t* 0.64 na mas mababa kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na di-mahalaga. Sa pagbabasa, r_{xy} ay 0.00 , *Fisher's t* 0.04 na mas mababa kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na di-mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na “walang mahalagang kaugnayan ang antas ng

Talahanayan 18

Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Relihiyon ng mga Mag-aaral na Kalahok

Makrong Kasanayan	r_{xy}	Fisher's t	$t_{tab};$ $\alpha=0.05$ $df=196$	Ebalwasyon
Pakikinig	-0.02	0.28	1.96	DM/Tinanggap
Pagsasalita	0.05	0.64	1.96	DM/Tinanggap
Pagbabasa	0.00	0.04	1.96	DM/Tinanggap
Pagsusulat	0.12	1.66	1.96	DM/Tinanggap

Pinagmulan:

M- Mahalaga
DM - Di Mahalaga

ng pagkatuto sa Filipino sa kasanayan ng pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat" ay tinatanggap. Ibig ipahiwatig dito na ang pananampalataya ay malaya sa pagkatuto ng Filipino sa apat na kasanayan. Dagdag pa mayroon paghihiwalay ng kalagayan ng simbahan at paaralan na nasa ilalim ng estado ng pamahalaan.

Antas ng Pagkatuto sa Ikalawang Markahang sa Subjek: Filipino, English at Makabayan ng mga Mag-aaral

Ang Talahanayan 19 ay naglalahad ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral na kalahok sa ikalawang markahan ayon sa sumusunod na subjek: Filipino, English at Makabayan. Ang bawat marka o grado ay itinalay sa bilang ng mga

mag-aaral na kalahok na may kabuuang bilang na 250 sa tatlong naturang sabjek. Tinuos ang tamtaman na bawat lawak ng pagkatuto "*learning area*" ang "*standard deviation*" (SD). Tingnan ang naturang talahanayan ang mga datos na natuos ng bawat sabjek.

Talahanayan 19

Antas Pagkatuto sa Ikalawang Markahan ng mga Mag-aaral na Kalahok

Marka/Grado	Mga Sabjek		
	Filipino	English	Makabayan
90	1	0	1
89	1	1	5
88	6	2	6
87	6	3	5
86	11	9	12
85	50	23	26
84	32	31	33
83	29	22	42
82	28	34	29
81	24	31	21
80	25	35	24
79	10	14	13
78	13	17	15
77	4	8	11
76	5	8	3
75	3	9	1
70	0	1	0
Di-tiyak	2	2	3
Kabuuuan	250	250	250
Tamtaman	82.57	81.39	82.36
S.D.	2.87	3.01	2.94

Filipino. Ang sabjek na ito ay may tamtaman na 82.57 at “*standard deviation*” (SD) na 2.87. Ibig ipahiwatig nito na mataas-taas sa perormans na lebel ng 75 bahagdan na itinalaga ng DepEd.

English. Ang sabjek na ito ay may tamtaman na 81.39 at “*standard deviation*” (SD) na 3.01. Ibig ipahiwatig na mas mataas din sa perormans na lebel ng 75 bahagdan na itinalaga ng DepEd.

Makabayan. Ang sabjek na ito ay may tamtaman na 82.36 at may “*standard deviation*” (SD) na 2.94. Ibig ipahiwatig na mas mataas-taas ito kaysa perormans na lebel na 75 bahagdan na itinalaga ng DepEd.

Mapapansin dito na mas mataas ang nakuhang grado/marka sa Filipino, sumusunod ang Makabayan at ang huli ay English. Ibig sabihin na mas madali ang sabjek na Filipino bilang asignaturang pangwika at sinundan ng Makabayan na ang midyum na panturo ay wikang Filipino at ito ay isang sabjek na pangnilalaman “*content subject*” na may mga component ng Araling Panlipunan, Musika, Sining o Edukasyon Pangkatawan “MSEP” at Pag-uugaling Edukasyon. Nasa pangatlo naman ang asignaturang English, isang asignaturang pangwika na may kaligirang dayuhan na mahirap matutuhan nang mabuti dahilan sa nakalilitong mga ponema at diptonggo at nahihirapan din sa pag-unawa ng teksto.

Subalit natamo rin ang antas ng kahusayan “*proficiency level*” na lampas sa 75 bahagdan ayon sa istandard na itinalaga ng DepEd.

Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Apat na Makrong Kasanayan at Gradong Natamo sa Ikalawang Markahan sa mga Sabjek: Filipino, English at Makabayan

Filipino. Talahanayan 20 ay nagpapakita ng kaugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino sa apat na makrong kasanayan at gradong natamo sa Filipino sa ikalawang markahan ng mga mag-aaral na kalahok. Batay sa natuos na mga datos, sa pakikinig ito ay may r_{xy} na 0.28, *Fisher's t* ay 4.08 na mas mataas kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na mahalaga. Sa pagsasalita, ito ay may r_{xy} na 0.27, *Fisher's t* na 3.93 na mas mataas kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na mahalaga. Sa pagbabasa, ito ay may r_{xy} na 0.51, *Fisher's t* na 8.30 na mas

Talahanayan 20.

Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Gradong Natamo sa Filipino

Makrong Kasanayan	r_{xy}	Fisher's t	$t_{tab};$ $\alpha=0.05$ $df=196$	Ebalwasyon
Pakikinig	0.28	4.08	1.96	M/Tinanggihan
Pagsasalita	0.27	3.93	1.96	M/Tinanggihan
Pagbabasa	0.51	8.30	1.96	M/Tinanggihan
Pagsusulat	0.08	1.12	1.96	DM/Tinanggap

Pinagmulan:

M- Mahalaga
DM - Di Mahalaga

mataas kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na mahalaga. Sa pagsusulat, ito ay may r_{xy} na 0.08, *Fisher's t* na 1.12 na mababa kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na di-

mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang kaugnayan ang makrong kasanayan ng pakikinig, pagsasalita at pagbabasa at sa sabjek na Filipino ay tinanggihan.” Ibig ipahiwatig na kailangan ang lubosang pagkatuto ng mga mag-aaral na kalahok na pasidhiin pa ang kanilang pagtamo sa mga batayang kasanayang pangwika upang matamo pa ang kahusayang antas para sa isang mabisang pakikipagtalastasan. Samakatwid, ang ipotesis na “walang mahalagang kaugnayan ang makrong kasanayan sa pagsusulat at gradong natamo sa Filipino” ay tinatanggap. Ito ay patunay na ang mabisang pagsusulat ay karaniwang ginagamit bilang tipo ng pagsusulit sa gradong natamo sa Filipino.

English. Talahanayan 21 ay nagpapakita ng kaugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino sa apat na makrong kasanayan at gradong natamo sa sabjek na English sa ikalawang markahan ng mga mag-aaral na kalahok. Batay sa natuos na mga datos, sa pakikinig ito ay may r_{xy} na 0.24, *Fisher's t* ay 3.46 na mas mataas kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na mahalaga. Sa pagsasalita, ito ay may r_{xy} na 0.25, *Fisher's t* na 3.61 na mas mataas kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na mahalaga. Sa pagbabasa, ito ay may r_{xy} na 0.47, *Fisher's t* na 7.45 na napakataas kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na mahalaga. Sa pagsusulat, ito ay may r_{xy} na 0.03, *Fisher's t* na 0.41 na mas mababa kaysa sa kritikal t halaga Na 1.96 na di-mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang kaugnayan ang makrong kasanayan ng pakikinig, pagsasalita at pagbabasa at sa sabjek na English ay tinanggihan.” Ibig ipahiwatig na ang

tatlong kasanayang sinubok ay may malapit na ugnayan sa gradong natamo sa English. Dagdag pa, ang pagsasanay ng tatlong batayang pangwika ay nailalapat sa subjek na English kung kaya't ito ay nagkaroon ng mahalagang ugnayan. Sa kabilang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ang makrong kasanayan sa pagsusulat at gradong natamo sa English" ay tinanggap. Ibig sabihin, na ang pagsusulat ay karaniwang paraan sa proseso ng pagsusulit sa mga kasanayang pangwika: English man o Filipino.

Talahanayan 21

Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Gradong Natamo sa English

Makrong Kasanayan	r_{xy}	Fisher's t	$t_{tab};$ $\alpha=0.05$ $df=196$	Ebalwasyon
Pakikinig	0.24	3.46	1.96	M/Tinanggihan
Pagsasalita	0.25	3.61	1.96	M/Tinanggihan
Pagbabasa	0.47	7.45	1.96	M/Tinanggihan
Pagsusulat	0.03	0.42	1.96	DM/Tinanggap

Pinagmulan:

M- Mahalaga
DM - Di Mahalaga

Makabayan. Talahanayan 22 ay nagpapakita ng kaugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino sa apat na makrong kasanayan at gradong natamo sa subjek na Makabayan sa ikalawang markahan ng mga mag-aaral na kalahok.

Batay sa natuos na mga datos, sa pakikinig ito ay may r_{xy} na 0.26, *Fisher's t* ay 3.77 na mas mataas kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na mahalaga. Sa pagsasalita, ito ay may r_{xy} na 0.25, *Fisher's t* na 3.61 na mas mataas kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na mahalaga. Sa pagbabasa, ito ay may r_{xy} na 0.47, *Fisher's t* na 7.45 na napakataas kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na mahalaga. Sa pagsusulat, ito ay may r_{xy} na 0.06, *Fisher's t* na 0.84 na mababa kaysa sa kritikal t halaga na 1.96 na di-mahalaga.

Talahanayan 22

Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Gradong Natamo sa Makabayan

Makrong Kasanayan	r_{xy}	Fisher's t	$t_{tab};$ $\alpha=0.05$ $df=196$	Ebalwasyon
Pakikinig	0.26	3.77	1.96	M/Tinanggihan
Pagsasalita	0.25	3.61	1.96	M/Tinanggihan
Pagbabasa	0.47	7.45	1.96	M/Tinanggihan
Pagsusulat	0.06	0.84	1.96	DM/Tinanggap

Pinagmulan:

M- Mahalaga

DM - Di Mahalaga

Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ang makrong kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at gradong natamo sa Makabayan" ay tinanggihan. Ibig ipahiwatig na ang tatlong kasanayan ito ay kaagapay sa pagkatuto ng subjek na Makabayan sa dahilang ito

ang midyum na panturo sa naturang lawak ng pagkatuto "*learning area*." Subalit ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ang makrong kasanayan sa pagsusulat at gradong natamo sa Makabayan" ay tinanggap. Ibig ipabatid na ang Makabayan bilang pangnilalaman "*content subject*," lumalabas na malaya at walang ugnayan ito dahil karaniwan ang gawain ng pagsusulat sa Makabayan lalong lalo na sa pagkopya ng mahalagang impormasyon o mga detalye sa kanilang mga kwaderno. Karaniwang sinusuri ang mga kopya ng mga mag-aaral bilang bahagi ng panggrado ng guro sa sabjek na ito.

Mga Implikasyon sa Kinalabasan ng Pag-aaral na ito

Ang mga implikasyon ng pag-aaral na ito ay marami. Ang Filipino bilang sabjek pangwika ay maitatag pansarili ng mga mag-aaral na imperatibo ang lubosang pagkatuto para sa kagyat na kahusayan sa pakipagtalastasan. Sa maagang edad ng mga mag-aaral nararapat lubosang itong natutunan ang lahat ng kasanayan pangwika: pangkasanayan man o pangnilalaman.

Sa antas ng pinag-aaralan, hanapbuhay, kita ng pamilya, laki ng pamilya at relihiyon, ang mga ito ay makaapekto o impluwensiya sa mga mag-aaral bagkus di ang mga ito natitinag ang sarili ang pagtuloy ng pagkamit ng kabatiran sa alinmang larangan.

Kabanata 5

LAGOM NG MGA KINALABASAN, MGA KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng lagom ng mga kinalabasan, mga nabuong konklusyon at rekomendasyon batay sa mga konklusyon ng pag-aaral na ito.

Lagom ng mga Kinalabasan

Narito ang mahahalagang kinalabasan ng pag-aaral na ito:

1. Ang tamtaman ng edad ng mga mag-aaral na kalahok sa ikatlong baitang ay 9.36 na taon at may SD na 1.24.
2. Karaminhan sa mga mag-aaral na kalahok ay mga lalake na may bilang na 132 o 64.71 bahagdan at 188 o 57.84 bahagdan ang mga babae, sa kabuuang bilang na 250 o 100 bahagdan.
3. Sa ayos ng kapanganakan, 62 o 24.00 bahagdan ay nasa ayos ng ikalawang anak, 52 o 20.80 bahagdan ay mga panganay at 36 o 14.40 bahagdan ay nasa ikatlong anak.
4. Sa antas ng pinag-aralan ng ina, 50 o 20.00 bahagdan ay gradwado ng haiskul; 44 o 17.50 bahagdan ay nasa lebel ng kolehiyo panig ng ama, 22.80 bahagdan ay gradwado ng haiskul, 46 o 18.40 bahagdan ay nasa lebel ng kolehiyo at 45 o 18.00 bahagdan ay gradwado ng elementarya.

5. Sa hanapbuhay ng ina, 106 o 42.40 bahagdan ay simpleng mga maybahay at 44 o 17.60 bahagdan ay mga nagtitinda. Sa panig ng ama, 70 o 28.00 bahagdan ay mga "*tricycle driver*" at 41 o 16.40 bahagdan ay mga mangingingisda.

6. Ang tamtamang buwanang kita ng pamilya ay ₱ 7, 738.52 at may SD na ₱ 5, 706.37.

7. Ang laki ng pamilya ay may tamtamang kasapi ng pito sa 10 at may SD na dalawang kasapi ng pamilya.

8. Sa relihiyon nakararami ang mga mag-aaral na Romano Katoliko na may 225 o 90.00 bahagdan.

9. Sa antas ng pagkatuto ng Filipino, sa apat na makrong kasanayan, narito ang mga tamtaman at SD sa pakikinig, 6.40 at 2.18; sa pagsasalita, 6.24 at 2.19; sa pagbabasa, 6.67 at 1.97 at sa pagsusulat, 5.22 at 1.91, ayon sa pagkasunod-sunod.

10. Sa ugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino batay sa tinuos na r_{xy} , "*Fisher's t*" at kritikal t tabyuler sa .05 lebel ng halaga at digring kalayaan; sa edad sa pakikinig, 0.12, 1.63; sa pagsasalita 0.24, 3.43; sa pagbabasa, 0.09, 1.32 at sa pagsusulat 0.13, 1.83 sa .05 at 1.96 (df).

Sa ugnayan ng kasarian: sa pakikinig, -0.17, 2.43; sa pagsasalita, -0.15, 2.17; sa pagbabasa, -0.10, 1.14, sa pagsusulat, 0.05, 0.66 sa .05 at 1.96 (df).

Sa ugnayan ng ayos ng kapanganakan: sa pakikinig, 0.11, 1.49; sa pagsasalita, 0.05, 0.67; sa pagbabasa, -0.01, 1.18, sa pagsusulat, 0.00, 0.40 sa .05 at 1.96 (df).

Sa ugnayan ng antas ng pinag-aralan ng ama: sa pakinig, 0.20, 2.87; sa pagsasalita, 0.17, 2.39; sa pagbabasa, 0.17, 2.44, sa pagsusulat, 0.17, 2.37 sa 0.5 at 1.96 (df). Sa ugnayan ng antas ng pinag-aralan ng ina: sa pakinig, 0.19, 2.75; sa pagsasalita, 0.17, 2.47; sa pagbabasa, 0.17, 2.47, sa pagsusulat, 0.04, 0.56; sa 0.5 at 1.96.

Sa ugnayan ng hanapbuhay ng ama: sa pakinig, 0.20, 2.80; sa pagsasalita, 0.20, 2.83; sa pagbabasa, 0.14, 1.99, sa pagsusulat, 0.16, 2.27; sa .05 at 1.96 (df). Sa ugnayan ng hanapbuhay ng ina: sa pakinig, 0.14, 1.99; sa pagsasalita, 0.15, 2.09; sa pagbabasa, 0.09, 1.32, sa pagsusulat, 0.11, 1.48 sa 0.5 at 1.96 (df).

Sa ugnayan ng tamtambang kita ng pamilya: sa pakinig, 0.11, 1.50; sa pagsasalita, 0.16, 2.20; sa pagbabasa, 0.13, 1.85, sa pagsusulat, -0.04, 0.57 sa 0.05 at 1.96 (df).

Sa ugnayan ng laki ng pamilya: sa pakinig, -0.07, 0.96; sa pagsasalita, -0.07, 0.94; sa pagbabasa, -0.07, 0.96, sa pagsusulat, 0.05, 0.70 sa 0.05 at 1.96 (df).

Sa ugnayan ng relihiyon: sa pakinig, -0.02, 0.28; sa pagsasalita, 0.05, 0.64; sa pagbabasa, 0.00, 0.04, sa pagsusulat, 0.12, 1.66 sa 0.05 at 1.96 (df).

11. Ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa ikalawang markahan ay may katamtaman (*average*) na may tamtambang grado sa Filipino, 82.57; sa English, 81.39 at sa Makabayan 82.36 na may SD 2.87, 3.01 at 2.94 ayon sa pagkasunod-sunod.

12. Sa ugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino sa apat na mga kasanayan ng pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat at gradong natamo sa Filipino batay sa tinuos na r_{xy} , "*Fisher's t*", kritikal t sa 0.05 at df na 1.96; sa pakikinig, 0.28, 4.08; sa pagsasalita, 0.27, 3.93; sa pagbabasa, 0.51, 8.30; at sa pagsusulat, 0.08, 1.12 sa .05 at 1.96 (df).

13. Sa ugnayan ng gradong natamo sa English: sa pakikinig, 0.24, 3.46; sa pagsasalita, 0.25, 3.61; sa pagbabasa, 0.47, 7.45; at sa pagsusulat, 0.03, 0.42 sa .05 at 1.96 (df).

14. Sa ugnayan ng gradong natamo sa Makabayan: sa pakikinig, 0.26, 3.77; sa pagsasalita, 0.25, 3.61; sa pagbabasa, 0.47, 7.45; at sa pagsusulat, 0.06, 0.84 sa .05 at 1.96 (df).

15. Ang mga implikasyon ng pag-aaral na ito ay marami. Ang Filipino bilang subjek pangwika ay maitatag pansarili ng mga mag-aaral na imperatibo ang lubosang pagkatuto para sa kagyat na kahusayan sa pakipagtalastasan. Sa maagang edad ng mga mag-aaral nararapat lubosan itong natutunan ang lahat ng kasanayan pangwika: pangkasanayan man o pangnilalaman.

Sa antas ng pinag-aaralan, hanapbuhay, kita ng pamilya, laki ng pamilya at relihiyon, ang mga ito ay makaapekto o impluwensiya sa mga mag-aaral bagkus hindi ang mga ito natitinag ang sarili ang patuloy na pagkamit ng kabatiran sa alinmang larangan.

Mga Konklusyon

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral narito ang mga nabuong mga konklusyon:

1. Nasa tamang edad ang mga mag-aaral ayon sa baitang kanilang pinasukan.
2. Nasa ikalawang anak ng pamilya ang mga mag-aaral na kalahok.
3. May sapat na antas ng pinag-aralan ang mga ama at ina bagaman ang hanapbuhay ay karamihan manggagawa at mangingisda at iilan lang ang mga propesyunal.
4. Ang buwanang tamtaman ay mababang kita subalit sapat ito bilang pantawid-buhay, kahit may kalakihang bilang ng pamilya hindi rin ito naging sagabal sa pag-aaral.
5. Malakas ang pananalig at pananampalataya kahit may iba-ibang relihiyon dahil sa nakararami ang mga Roman Katoliko ang mga mag-aaral na kalahok.
6. Ang antas ng pagkatuto sa Filipino sa apat na kasanayan, lumabas na mababa ang kani-kanilang kabatiran sa apat na makrong kasanayan pangwika at hindi gaanong matamo ang perormans na lebel ng mga mag-aaral na kalahok.
7. Ang antas ng pagkatuto sa Filipino ayon sa edad ay sa mga kasanayan sa pakikinig, pagbabasa ay di mahalaga (DM). Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ang antas ng

pagkatuto sa Filipino sa mga kasanayan ng pakikinig, pagbabasa at pagsusulat at edad" ay tinanggap. Subalit sa kasanayan sa pagsasalita ito ay tinatanggihan. Ipinapahiwatig na pare-parehong taglay ito ng anumang edad ng mag-aaral kung kaya't tinanggihan ang ipotesis subalit ang pagbabasa at pagsusulat ito ay di-mahalaga kung kaya't tinanggap ang ipotesis.

8. Sa ugnayan sa ayos ng kapanganakan sa apat na kasanayan ng pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat lumabas na di-mahalaga. Samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang kaugnayan ang ayos ng kapanganakan at nakuhang kasanayan ay tinanggap. Sa ugnayan ng antas ng pinag-aralan ng ama sa sapat na kasanayan lumabas na lahat mahalaga, samakatwid ang ipotesis na nagsasaad na "walang kaugnayan ang antas ng pinag-aralan ng ama sa sapat na mga kasanayan" ay tinanggihan. Subalit sa panig ng ina sa kasanayang pagsusulat ay di mahalaga kaya ang ipotesis ay tinanggap.

9. Sa ugnayan ng hanapbuhay ng ama at antas ng pagkatuto sa apat na kasanayan, lahat ito ay lumabas na mahalaga, samakatwid ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang kaugnayan ang hanapbuhay ng ama sa sa apat na makrong kasanayan ay tinanggihan. Ipinahihiwatig dito na ang hanapbuhay ng ama ay naging motibasyon sa pag-aaral ng mga ito.

10. Sa ugnayang hanapbuhay ng ina at kasanayan sa pakikinig at pagsasalita ito ay lumabas na mahalaga, samakatwid ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ang hanapbuhay ng ina at kasanayan ng

pakikinig at pagsasalita” at tinanggihan, subalit sa kasanayang pagbabasa at pagsusulat ito ay tinanggap. Ibig ipahiwatig na ang ina ay nagbibigay palagi ng mga paalala bago sila humarap sa kani-kanilang mga hanapbuhay. Subalit sa mga kasanayang pagbabasa at pagsusulat na lumabas na di-mahalaga ay tinanggap ang ipotesis. Ipinahiwatig sa kasanayan na walang sapat na panahon para matulungan sa pagbabasa at pagsusulat dahil kampante na sila ay marurunong na.

11. Sa ugnayan ng tamtamang kita ng pamilya at sa kasanayan ng pakikinig, pagbabasa at pagsusulat na lumabas na di mahalaga, samakatwid ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang kaugnayan ng kita ng pamilya at kasanayan sa pakikinig, pagbabasa ay tinanggap. Subalit sa kasanayan ng pagsasalita, ito ay mahalaga at tinanggihan.

12. Sa ugnayan ng laki ng pamilya at apat na kasanayan lahat ng ito ay di mahalaga (DM) samakatwid, ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang kaugnayan ang laki ng pamilya at apat na makrong kasanayan ay tinanggap.

Sa ugnayan sa relihiyon at apat na makrong kasanayan lahat nito ay lumalabas na di-mahalaga, samakatwid ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang kaugnayan ang relihiyon at apat na makrong kasanayan ay tinanggap.

13. Sa ugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino sa mga gradong natamo sa Filipino, English at Makabayan sa ikalawang markahan, sa ipotesis na

nagsasaad na walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino at gradong natamo sa ikalawang markahan sa Filipino lumabas na mahalaga sa pakikinig, pagsasalita at pagbabasa ay mahalaga kung kaya't tinanggihan ang ipotesis.

Subalit sa pagsusulat, ito ay di mahalaga, kaya tinanggap ang ipotesis. Sa ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa Filipino sa gradong natamo sa English sa kasanayang pakikinig, pagsasalita at pagbabasa ay lumabas na mahalaga kung kaya't tinanggihan ang ipotesis. Ipinahihiwatig nito na ang Filipino ay may parehong kasanayan pangwika sa English. Subalit sa pagsusulat lumabas na ito ay di-mahalaga kaya ito ay tinanggap.

14. Sa ugnayan ng antas ng pagkatuto sa Filipino sa apat na makrong kasanayan at gradong natamo sa ikalawang markahan ng sabjek na Makabayan, lumabas na sa makrong kasanayang pakikinig, pagsasalita at pagbabasa ay mahalaga. Samakatwid ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ang antas ng pagkatuto sa makrong kasanayan sa pakikinig, pagsasalita at pagbabasa at gradong natamo sa Makabayan sa ikalawang markahan" ay tinanggihan. Ibig ipahiwatig na ang tatlong kasanayan ito ay kaagapay sa pagkatuto ng sabjek na Makabayan sa dahilang ito and midyum na panturo ng naturang sabjek. Subalit ang makrong kasanayan sa pagsusulit at gradong natamo sa Makabayan ay tinatanggap. Ibig ipahiwatig na ang Makabayan bilang pangnilalaman na sabjek (*content subject*) ay walang ugnayan

dahil karaniwang gawain ang pagsusulat sa pagkopya ng mga mahahalagang impormasyon o mga detalye sa naturang subjek.

15. Ang mga implikasyon ng pag-aaral na ito ay marami. Ang Filipino bilang subjek pangwika ay maitatag pansarili ng mga mag-aaral na imperatibo ang lubosang pagkatuto para sa kagyat na kahusayan sa pakipagtalastasan. Sa maagang edad ng mga mag-aaral nararapat lubosang itong natutunan ang lahat ng kasanayan pangwika: pangkasanayan man o pangnilalaman.

Sa antas ng pinag-aaralan, hanapbuhay, kita ng pamilya, laki ng pamilya at relihiyon, ang mga ito ay makaapekto o impluwensiya sa mga mag-aaral bagkus di ang mga ito natitinag ang sarili ang pagtuloy ng pagkamit ng kabatiran sa alin mang larangan.

Mga Rekomendasyon

Batay sa nabuong mga konklusyon ng pag-aaral, itinagubilin ang mga sumusunod:

1. Ang mga batang nasa ikatlong baitang ay nararapat na mahusay na sa kumunikasyon pangwika pasalita man o pagsulat.

2. Paigtingin ang pagtuturo ng guro at paggamit ng iba-ibang kagamitan panturo sa bawat pagkatutong gawain. Mabigyan ang mga mag-aaral ng iba-ibang babasahin, mga pagsasanay sa panggawaing aklat at iba pang pagpapayamang gawain.

3. Matugunan ang batayang pangangailangan ng mga magulang, mapanatili at mapataas ang literasi lebel at matulungan din ang mga pamilyang walang hanapbuhay o kapos sa kita lalong-lalo na iyong mga mag-aaral na mga anak.
4. Tugunan ang mga magulang sa mga suliranin ng mga mag-aaral ang pagbigay ng panubaybay at pagpapatnubay sa kani-kanilang pag-aaral.
5. Pagtugmain ng mga guro ang mga kasanayan ng bawat sabjek sa paksa, istrategiya at maging sa pagtataya ng bawat kasanayan.
6. Ang tematikong pagdulog sa wika sa sabjek pangnilalaman ay dapat pag-ugnayin at pasidhiin ang pagtataya sa tamang paggawa ng mga pagsusulit pangwika.
7. Magsagawa ng panubaybay na pag-aaral sa mga aspitong gagawan ng kagamitang instruksyunal para sa mga mag-aaral ng ikatlong baitang kung saan nakapokus sa mga di-lubosang natutunang mga kasanayan (*least-learned skills*).

T A L A S A N G G U N I A N

A. MGA AKLAT

- Atkinson, Ernest, et al. Introduction to Psychology. New York: Harcourt Brace Jovanovich, 1975.
- Badayos, Paquito B. Metolohiya sa Pagtuturo ng Wika. Makati City: Research Corporation, 1999.
- Belvez, Paz M. Ang Guro at ang Sining ng Pagtuturo. Mula: Philippine Normal University, 1997.
- Calderon, Clemente. Basic Principles in Teaching. Quezon City: Phoenix, 1998.
- Campbell, Ballou/Slade. Form and Style Theses, Reports, Term Papers, 5th ed., Boston: Houghton Mifflin Co., 1991.
- Canare at Swain. Communication Skills. Halburry: NY, Press, 1993.
- Corpuz, and Lucas et al. Theory and Practice in Teaching, Manila: PBC, 2013
- Dunn Rita and Henneth Dunn. Teaching Secondary Students Individual Learning Studies. Boston: A & B. 1992.
- Foster, Stephen F. Principles of Learning on Cognitive Psychology and Education. 6th Ed., New York: McGraw Hill Book Co., 1989.
- Garcia, Dolores G. Curriculum Theory Application, Quezon City: Alemars Phoenix, 1973.

Kapunan, Rosco. Educational Psychology. Manila: Grandwater Press, 1992.

Kolb, Nicols. Learning Styles Process. New York: McGraw Hill Book Co.,

Oriondo, Leonora at Eleanor M. Dello. Evaluating Educational Outcomes, Quezon City, 1989.

Orstein, Allan C. Strategies for Effective Teaching. New York: Harper Collins Publishing, Inc.
1980.

Ramos, Teresita V. at Ezperanza Gonzales. Bilingualism and Bilingual Education, Quezon City:
Souvenir Publications, Inc., 1987.

Roldan, Aurora H. Children's reading Laboratory, Book III, Pasig: reading Dynamics Center,
Inc., 1995.

Sanches, C.A. Methods and Techniques of Research. Rev. Ed., Quezon City: Rex Printing Co.,
1998.

Schramm, Wilbur. The Process and Effects of Communication. Illinois, Chicago VIP. 1965.

Turabian, Kate L. A Manual for Writers of Term Papers Theses and Dissertations. 4th ed.
Chicago: University of Chicago Press, 1980.

Walpole; Ronald E. Introduction to Statistics, 3rd., New York: McMillan Co. 1992.

B. MGA PRIMER, JOURNALS, MAGAZINE

1978 Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas.

2002 Basic Educational Curriculum Handbook sa Filipino (Antas Elementarya).

Guidelines A Practical for Classroom Language Teachers, Vol. 10, No. 2, December 1988.

C. DI-NALATHALANG MGA MATERYAL

Aragon, Marife G. "Mga Kasanayan sa Pagbasang May Pang-unawa sa Filipino sa Unang Baitang." Di-nalathalang tesis, Samar College, Catbalogan, Samar, 2003.

Babalcon, Nilda M. "Antas ng kakayahan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Ikalimang Baitang ng mga Paaralang Sentral ng Wright," Di-nalathalang tesis, Samar State University, Catbalogan, Samar, 2006.

Baysa Loreta T. 'Analisis ng mga Kopetensing Di-lubusang Natutuhan sa Filipino sa National Achievement Test (NAT) sa Ikaapat na Taon ng Pambansang Paaralan ng Samar: Batayan para sa Isang intervensyong Programa," di-nalathalang tesis, Samar State University, Catbalogan, Samar, 2006.

Bulan, Fermina D. "Kasayang Ponolohikal ng mga Mag-aaral sa Pagbuo ng Kagamitang Para sa Mabisang Pakikipagtalastasan," Di-nalathalang tesis, SSPC, Catbalogan, Samar, 2002.

Delfin, Erwin A. "Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Estudyante sa Haiskul ng mga Piling Paaralan," Di-nalathalang tesis, Samar College, Catbalogan, Samar, 2008.

Go, Joy T. "Kakayahang Pangwika sa Filipino ng mga Estudyante sa Ikalawang Taon ng Pambansang Paaralan ng Samar", Di-nalathalang tesis, Samar College, Catbalogan, Samar, 2007.

Mabansag, Analyn G. "Mga Kompetensi sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikalawang Baitang: Batayan Para sa Paggawa ng Kagamitang Instruksyunal," Di-nalathalang tesis, Samar College, Lungsod ng Catbalogan, 2010.

Macalalad, Rowena G. "Mga Kompetensi sa Filipino ng mga Mag-aaral at Saloobin ng mga Guro na Nagtuturo ng Filipino sa Ikaanim na Baitang" Di-nalathalang tesis, Samar College, Lungsod ng Catbalogan, 2007.

Mondoy, Marilou U. "Kakayahan sa Pagtuturo ng Filipino ng mga Guro sa mga Baitang Intermedya," Di-nalathalang tesis, Samar College, Lungsod ng Catbalogan, 2010.

Resma, Rosario E. "Antas ng Pagkatuto sa Ispeling at Pakikinig ng mga Estudyante sa Kolehiyo," Di-nalathalang tesis, Samar College, Lungsod ng Catbalogan, 2006.

Talagon, Francia B. "Ang Paglinang ng Bokabularyo sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikaanim na Baitang," Di-nalathalang Tesis, Samar College, Lungsod ng Catbalogan, 2011.

D. IBA PANG PINAGKUNAN

Mga Brosyur sa Filipino sa mga Pambansang Seminar/ Kapulungan 2002. Batayang Edukasyong Kurikulum, DepEd. Lungsod ng Pasig, Manila.

Komisyon sa Wikang Filipino (2010).

Kompetensi sa Filipino 2002 (Antas Elementarya) DepEd. Ultra Ortigas Complex Pasig, Metro Manila, 2002.

Lecture: Emy M. Pascasio, "Acquisition of Language Learning and Theoretical Perspectives."

DECS Integrated Program. Philippine Normal University, Manila: 1991.

UNICEF, Sectoral Targets 2003.

A P E N D I K S

APENDIKS A

SAMAR STATE UNIVERSITY
Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral
Catbalogan, Samar

Hulyo 19, 2010

Ang Dekano
Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral
Samar State University
Catbalogan, Samar

Madam,

Isang maalab na pagbati!

Sa pagnanais kong makamit ang digring Master sa Sining, Medyor sa Filipino ikinararantal kong iharap ang isa sa mga suliraning ito, particular ang suliranin Blg. isa:

1. Antas ng Pagkatuto sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikatlong Baitang ng Purok ng Catbalogan II
2. Panukatan sa pagbasa sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikatlong Baitang ng Purok ng Catbalogan II
3. Kagamitang Pampagtuturo para sa Pagsasanay ng Pabigkas ng mga Mag-aaral sa Ikatlong Baitang ng Purok ng Catbalogan II

Aasahan ko ang iyong pagtitibay sa kahilingan ito.

Maraming salamat.

Lubos na sumasainyo,

(NLG.) AILEEN P. CUPIDO
Gradwadong Mag-aaral

Pinagtibay:

(NLG.) MARILYN D. CARDOSO, Ph.D.
Dekano

APENDIKS B

ISANG TALATANUNGAN

(Para sa Mga Mag-aaral)

Direksyon: Punan ang hinihinging impormasyon sa tulong ng iyong guro o nakakatanda.

Unang Bahagi: Datos Personal

1. Pangalan: _____ 1.1. Gulang _____
2. Paalaran: _____ 2.0. Kasarian (/)
Itek sa Ibaba
2.1. _____ Lalake
2.2. _____ Babae
3. Hanap Buhay ng Magulang:
3.1 Ama: _____
3.2 Ina: _____
4. Bilang ng mga Magkakapatid: _____
5. Ayos ng Kapangakan: _____ (Panganay) _____ (Panggitna)
_____ (Bunso) *Isulat kung pang-ilan:* _____
6. Magkano ang kabuuang kita ng iyong pamilya. Itsek (/) Ang braket ng kita sa ibaba:

Ang Buwanang Kita ng Pamilya

_____ ₱ 15, 000.00	-	pataas
_____ ₱ 12, 000.00	-	₱ 14, 900.00
_____ ₱ 9, 000.00	-	₱ 11, 900.00
_____ ₱ 6, 000.00	-	₱ 8, 900.00
_____ ₱ Mababa sa	₱	5, 900.00

Ikalawang Bahagi: Ang Pagsusulit sa Filipino

Gamitin ang sagutang papel na inihanda

APENDIKS C

Talahanayan ng Ispisipikasyon

Filipino

Ikatlong Baitang

Lebel ng Kabatiran Makrong Kasanayan sa Filipino/Nilalaman	Blg. ng Aytem	Kaalaman at pag-uunawa	Aplikasyon	Analisis at sintesis	Pagtataya	Lugal ng aytem at (%) Bahagdan
<u>I. Pakikinig</u>						
1. Kaibhan ng huni / ingay ng maamo at mabangis na hayop.	1	1				1
2. Ingay/ugong ng sasakyan.	1		1			2
3. Bigkas ng salitang i/e; o/u	1			1		3
4. Salitang may kambal katinig o klaster	1	1				4
5. Pagtukoy sa pahayag ng nakaraan / hinaharap	1	1				5
6. Salitang naglalarawan	2	1	1			6-7
7. Angkop na salita sa pakikiramay/pagbati pasasalamat.	2		1	1		8-9
Kabuuan:	9	4	3	2	1	9 = 26%
<u>II. Pagsasalita</u>						
1. Angkop na pananalita pagtanggap ng panauhin.	1	1				10
2. Wastong paraan ng pagtatanong	1		1			11
3. Uri ng mga pangungusap pasalaysay/padamdam	2		1	1		12-13
4. Pagtukoy, pag-uri ng pangngalan at kailanan	1		1			14
5. Paggamit ng pangungusap sa mga pangalakal	1			1		15

Lebel ng Kabatiran Makrong Kasanayan sa Filipino/Nilalaman	Blg. ng Aytem	Kaalaman at pag-uunawa	Aplikasyon	Analisis at sintesis	Pagtataya	Lugal ng aytem at (%) Bahagdan
6. Mga pananda ni/nina	1	1				16
7. Paggamit ng panghalip	1		1			17
8. Aspekto ng pandiwa naganap, nagaganap at gaganapin pa	1	1				18
Kabuuan:	9	3	4	2		9=26%
III. Pagbasa						
1. Pagbuo ng mga salita	1			1		19
2. Pagtukoy ng detalye sa kwento	2	1			1	20-21
3. Pagsagot sa mga tanong na kailan	1				1	22
4. Pagsunod-sunod ng mga pangyayari	1				1	23
5. Pagtukoy sa salitang-ugat ng salita	1		1			25
6. Magkaisang baybay, iba ang kahulugan	1	1				26
7. Pagbigay ng palagay tungkol sa kalalabasan ng pangyayari.	2		1			24-27
8. Pagsasagot sa impormasyon sa grap.	1			1	1	28
Kabuuan:	10	2	2	2	4	10=28%
IV. Pagsulat						
1. Paggamit ng malaking titik	1		1			29
2. Paggamit ng mga bantas na panapos (;), (?), (!)	1		1			30
3. Pagbuo ng mga talata	5		5			31-35
4. Pagsagot ng mga tanong personal						
5. Pagbuo ng isang talata at pagbigay ng tamang						
Sab-aytem:	6		6			
Kabuuan:	35	9	16	6	4	35 = 100%

APENDIKS D

Pagsusulit sa Filipino

Ikatlong Baitang

Direksyon: Sundin ang mga panuto sa bawat pagsubok. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

Pagsubok I – Pakikinig

Panuto: Mula aytem blg. 1-9 pakinggan ang guro bago sagutin ang mga tanong na ito.

1. Grrr! Grrr! Grrr! Ang ingay na ito ay isang mabangis na:
 - a. ahas b. lion c. aso d. pusa
2. Poot! Poot! Poot! Malakas na ugong ng isang ambulansiya. Ano kaya ito? Mayroon dinadalang:
 - a. magnanakaw b. pulis c. may sakit d. patay
3. Ang magkapares na salitang ito ay tinatawag na pares minimal: mesa-misa, alin ang magkapares sa mga ito:
 - a. basà- basá b. talà- talá c. oso – usa d. kita-kuta
4. Alin sa mga salitang ito, ang nagtataglay ng kambal katinig o klaster?
 - a. tatay b. lalake c. tsinelas d. pusa
5. Umalis kahapon ang mga panauhin, ang salitang nakasalungguhit ay pahayag na ____
 - a. hinaharap b. nakaraan c. darating d. bukas
6. Alin sa mga salitang ito, ang nagpapakita ng paglalarawan ____
 - a. malawak b. matalino c. masipag d. masikap
7. Bukas darating ang mga opisyal ng barangay, Alin sa mga salita sa pangungusap ang pahayag sa hinaharap?
 - a. Bukas b. Ang c. Opisyal d. Barangay

8. Ikinalulungkot ko ang pagpanaw ng iyong kapatid. Alin sa mga salitang ito ang nagpapahayag ng pakikiramay?
- a. pagpanaw b. iyong c. ko d. Ikinalulungkot
9. Lubos ang kagalakan ko sa iyong pagtatapos! Ito'y isang uri ng ____
- a. pagdalamhati b. pagkainis c. pagbati d. pagpapasalamat

Pagsubok II - Pagsasalita

Panuto: Hayaan ang mga mag-aaral na basahin ang mga tanong at sagutin.

10. Dumating ang iyong mga panauhin sa iyong bahay, ikaw ang nakasalubong, anong sasabihin mo?
- a. Halika! b. Hoy, Pasok! c. Tuloy po kayo d. Halina, kayo.
11. Alin dito ang tamang paraan ng pagtatanong?
- a. Sino sila? c. Sinu-sino kayo?
b. Sino po ba sila? d. Sino ho ba kayo?
12. Alin sa mga pangungusap na ito ang pasalaysay?
- a. Umalis ka na bago ako magalit!
b. Bukas aalis na tayo papuntang Maynila.
c. Saan ba ang may-ari ng aklat na ito?
d. Kumapit ka baka ka mahulog.
13. Alin sa mga pangungusap sa blg. 12 ang nagpapahayag ng pagdaramdam?
- a. (a.) b. (b.) c. (c.) d. (d.)

14. Alin sa mga sumusunod ang mga pangngalan na isahan?
- a. Mga kapatid b. kapatid c. kababaehan d. kalalakihan
15. Naglalaro ng sarangola ang mga bata. Ang may salungguhit na mga salita ayon sa bahagi ng pangungusap ay isang _____
- a. panaguri b. simuno c. parirala d. layon
16. Ang aklat na ito ay sinulat _____ Alma at Nida.
- a. ni b. nina c. sina d. sila
17. _____ Ang kanyang mga magulang, di ko pa sila nakita?
- a. Saan b. Nasaan c. Saan man d. Ilan
18. Kukuha ng iksamen sa Lunes ang mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Alin sa mga salita sa pangungusap ang nasa aspektong gaganapin pa?
- a. Kukuha b. iksamen c. Lunes d. Mag-aaral

Pagsubok III - Pagbasa

Panuto: Basahin at unawain ang bawat aytem bago sagutin. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

19. Ang mga pantig na ito: tan, la, ak ay di-nakaayos, ayusin ito upang makabuo ng isang salita, alin dito?
- a. aklat b. talak c. akala d. aklatan

Narito ang isang talataan. Basahin nang mabuti at sagutin ang mga tanong sa mga bilang 20 at 21.

Kilalang bayani si Dr. Jose P. Rizal. Batam bata pa siya, nagpakita na ng angking katalinuhan. Kaya sa kanyang pag-aaral, palagi siyang may karangalan.

20. Ano ang pagkakilala kay Dr. Jose P. Rizal? Siya'y isang _____.

- a. bayani b. karaniwang tao c. pulitiko d. guro

21. Anong katangian ang ipinakita ni Rizal, nang siya'y bata pa?

- a. sipag b. tiyaga c. talino d. sikap

22. Alin sa mga tanong na ito ang may oras o panahon?

- a. Ano ang pangyayaring iyon?
b. Kailan ba ito naganap?
c. Kailangan ba tayon rito?
d. Kanino ang mga gamit na ito?

Ayusin ayon sa pagkasunod-sunod ng pangungusap na iyong nabasa? Sagutin ang mga tanong blg. 23 at 24.

1. Dumami ang mga lamok sa paligid.
2. Nagdadala ang mga ito ng sakit na "dengue"
3. Ang buwan ng Setyembre ay tag-ulan na,
4. Kaya dapat mag-ingat ang bawat isa.

23. Alin sa mga ito ang tamang pagkasunod-sunod ng pangungusap na ayon sa nabasa?


- a. 1, 2, 3, 4 b. 2, 3, 1, 4 c. 3, 2, 1, 4 d. 3, 1, 2, 4

24. Anong dapat gawin para maiwasan ang sakit na "dengue" ayon sa nabanggit na pangungusap? Ito'y nasa pangungusap

- a. Bilang 1 b. Bilang 2 c. Bilang 3 d. Bilang 4

25. Ang salitang matalino ay binubuo ng panlapi at salitang ugat, alin ang salitang ugat dito?
- a. ma b. tali c. mata d. talino
26. Ang (gabi - gabi') ay magkatulad ang baybay ngunit magkaiba ang kahulugan. Ang gabi' na pagkatapos ng araw ay binibigkas nang ____.
- a. banayad b. mabilis c. malumay d. maragsa
27. Ang taong mapag-ingat sa sarili ay inaasahang ____.
- a. Malayo sa kapahamakan
- b. Madaling maluko
- c. Medaling matukso
- d. Walang papuntahan

Narito ang isang grap tungkol sa dami ng ulan mula sa Lunes hanggang Biyernes. Ang mga bilang paitaas ay dami ng ulan sa metrong kubiko at ang nakatindig na mga pigura ay mga araw ng linggong may pasok. Pagkatapos mong mapag-aralan sagutin ang tanong bilang 28.



28. Anong araw na kaunti lang ang buhos ng ulan?

- a. Lunes b. Miyerkules c. Huwebes d. Biyernes

Pagsubok IV – Pagsulat

Panuto: Unawain ang bawat gawain ng aytem bilang at sagutin.

29. Ang pangungusap na ito ay dapat maiwasto: Nakatira ka pala dito sa bayan ng Catbalogan? Ang salitang may salungguhit ay dapat nasa _____.

- a. Dinaglat na titik
b. Malaking titik
c. Maliit na titik
d. Manatili na lang

30. Ang kailangan sa pagpasok sa eskwela ay mayroon kang dalang mga gamit. Anong bantas ang dapat ilagay pagkatapos ng salitang gamit?

- a. pananong (?) b. padamdam (!) c. tuldok (.) d. tuldik (,) 105

Sagutin ang mga tanong mula sa bilang 31-35. Pagkatapos mong sagutin isulat ito sa isang talataan sa likod ng iyong sagutang papel at lagyan ng pamagat.

31. Ako ay si _____.
(buong pangalan)

32. _____ taon gulang.

33. Nag-aaral sa Paaralang Elementarya ng _____.

34. Ako'y nasa _____ baitang ng paaralang ito.

35. Ang guro ko ay si _____.

-----ooo0ooo-----

SAGUTANG PAPEL

Pangalan: _____ Gulang: _____
 Paaralan: _____ Kasarian (Itsek sa ibaba)
 Grado sa Ikalawang Markahan _____ Lalake
 sa Filipino _____ Babae

Isulat ang Titik ng iyong sagot

Magsimula rito

I - Pakikinig

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____
6. _____
7. _____
8. _____
9. _____

II - Pagsasalita

10. _____
11. _____
12. _____
13. _____
14. _____
15. _____
16. _____
17. _____
18. _____
19. _____
20. _____
21. _____
22. _____
23. _____

II - Pagbasa

19. _____
20. _____
21. _____
22. _____
23. _____
24. _____
25. _____
26. _____
27. _____
28. _____

IV - Pagsulat

29. _____
30. _____
31. _____
32. _____
33. _____
34. _____
35. _____

Mahalaga:

Isulat ang iyong talataan
 sa likod ng papel na ito
 ayon sa iyong sagot mula
 31-35.

KURIKULUM VITA

KURIKULUM VITA

PANGALAN : Aileen Pacujan Cupido

KAPANGANAKAN :
 LUGAR : Lungsod ng Catbalogan

 PETA : Enero 20, 1969

TIRAHAN : Purok 2 Brgy. Bunuanan Lungsod ng Catbalogan

KASALUKUYANG POSIYON : Guro sa Elementarya I

PAARALAN : Paaralang Elementarya ng Bunuanan

KAGAYANG SIBIL : May-Asawa

PANGALAN NG ASAWA : Celso A. Cupido

MGA ANAK : Aicelle P. Cupido
 Kucky Andrey Niño P. Cupido

SANLIGAN NG EDUKASYONAL

Elementary : Bunuanan Elementary School
 Bunuanan, Catbalogan, Samar

Sekundarya : Samar State Polytechnic College (SSPC)
 Samar State University,
 Catbalogan, Samar

Kolehiyo : Samar College

 Digri : Bachelor of Science in Commerce

 Medyor : Management

 : Bachelor of Science in Elementary
 Education (36 units)

Gradwadong Pag-aaral : Samar State University

Digri : Master sa Sining

Medyor : Filipino

KARANASANG PROPESYUNAL

AHENSIYA/PAARALAN

HABA NG PANINILBIHAN

- Bunuanan Elementary School ----- March 17, 2009 – Present
- Majaba Elementary School ----- March 15, 2007 – March 16, 2009
- Pangdan Elementary School (Substitute Teacher)
- Sept. 18, 2006 – Nov. 11, 2006
- Guinsurungan Elementary School (Kinder Teacher)
- June 17, 2009 – Sept. 17, 2006
- Bunuanan Elementary School (Municipal Paid Teacher)
- Aug. 1, 2004 – March 31, 2005

ISTADONG PROPESYUNAL

Licensure Examination for Teacher (LET)

- Lugal : Tacloban City
- Petsa : August 27, 2000
- Marka : 75%

MGA SALIKURANG PAGSASANAY/SEMINAR NA DINALUHAN

- District Training Workshop on the Roll-out of SBM Assessment Tools and Orientation-Training on the NCBS
- Pambansang Samahan ng mga Masid at Tagataguyod ng Filipino (PASATAF)

- Seminar Workshop sa Filipino na may paksang "MAKABAGONG PAMAMARAAN NG PAGTUTURO NG PANITIKAN AT REVISYON NG ALFABETO AT PATNUBAY SA ISPELING NG WIKANG FILIPINO"
- Training-Workshop on MULTI-GRADE TEACHING
- Seminar on Thesis and Dissertation Writing/ Advising
- Division MADE Seminar-Workshop
- Seminar - Workshop on Multi-Level Strategies in Teaching Science
- Division Training on Utilization of Pre-Primers and Primers
- First Division Congress in Pre-School Curriculum
- Seminar-Workshop on How to Conduct a Sci-Dama

TALAAN NG MGA TALAHANAYAN

TALAAN NG MGA TALAHANAYAN

Talahanayan	Pahina
1 Edad at Kasarian ng mga Mag-aaral ng Kalahok	40
2 Aayos ng Kapanganakan ng mga Mag-aaral na Kalahok	41
3 Antas ng Pinag-aralan ng mga Magulang ng mga Mag-aaral na Kalahok.....	42
4 Hanapbuhay ng mga Magulang ng mga Mag-aaral na Kalahok	43
5 Tamtamang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Kalahok.....	46
6 Laki ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Kalahok.....	47
7 Relihiyon ng mga Mag-aaral na Kalahok.....	48
8 Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan ng mga Mag- aaral na Kalahok	49
9 Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Edad ng mga Mag-aaral na Kalahok.....	52
10 Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Kasarian ng mga Mag-aaral na Kalahok	54
11 Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Aayos ng Kapanganakan ng mga Mag-aaral na Kalahok	56

12	Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Antas ng Pinag-aralan ng Ama ng mga Mag-aaral na Kalahok	58
13	Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Antas ng Pinag-aralan ng Ina ng mga Mag-aaral na Kalahok	61
14	Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Hanapbuhay ng Ama ng mga Mag-aaral na Kalahok	63
15	Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Hanapbuhay ng Ina ng mga Mag-aaral na Kalahok	64
16	Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Tamtamang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Kalahok	66
17	Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Laki ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Kalahok.....	67
18	Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Relihiyon ng mga Mag-aaral na Kalahok.....	69
19	Antas ng Pagkatuto sa Filipino, English at Makabayan sa Ikalawang Markahan ng mga Mag-aaral na Kalahok.....	70

Talahanayan**Pahina**

20	Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Gradong Natamo sa Filipino.....	72
21	Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Gradong Natamo sa English.....	74
22	Kaugnayan ng Antas ng Pagkatuto sa Filipino sa Apat na Makrong Kasanayan at Gradong Natamo sa Makabayan.....	75

TALAAN NG MGA FIGURA

TALAAN NG MGA FIGURA

Talahanayan	Pahina
1 Ang Batayang Konseptwal ng Pag-aaral	11
2 Ang Mapa ng Catbalogan II Bilang Kaligiran ng Pag-aaral	14